# MATANGLAWIN

TOMO BLG. XL BLG. 2





MATANGLAWIN Ika-40 na Anibersaryo





## PATNUGUTAN 2015-16

**RAY JOHN SANTIAGO, AB POS '16**
Punong Patnugot

**JOHN EROLL YABUT, AB PSY '16**
Katuwang na Patnugot

**RON RIO CASTILLO, AB PSY '16**
Katuwang na Patnugot
Ingat-Yaman

**KHALIL ANDRE' REDOBLE, BFA ID '16**
Patnugot ng Sining
Patnugot ng Lapatan

**JEROME CHRISTOPHER FLORES, AB SOS '17**
Patnugot ng Sulatin at Saliksikan
Patnugot ng Web

**MAYNARD CHUA, AB EU '16**
Tagapamahala ng Proyekto

**JOHN EMMANUEL INOJOSA, BS LM '16**
Tagapamahala ng Pandayan

**DYAN FRANCISCO, BFA ID '16**
Tagapamahala ng Pananalastas

**JOSE MEDRIANO III, AB POS '18**
Pangkalahatang Kalihim

## LUPON NG MGA TAGAPAYO

**MARK BENEDICT LIM**
Kagawaran ng Filipino
Tagapayo

**ANNE LAN CANDELARIA**
Kagawaran ng Agham Pampolitika
Tagapayo

**BENJAMIN TOLOSA, JR. PHD.**
Kagawaran ng Agham Pampolitika
Tagapamagitan




**TUNGKOL SA PABALAT**

Isang tagatulak
ng kariton sa Quiapo

KUHA NI KHALIL REDOBLE


### SULATIN, SALIKSIKAN, at WEB
Katherine Alamares, Jose Abelardo Torio, Christian Benitez, Roxette Joy Angelia, John Macneil Mendoza, Czarina Dorothy Duka, Rambo Talabong, Alana Maris Montemayor, Riel Glenn Gutierrez, Jasmin Althea Siscar, Pamela Anne Isip, Noelle Jiyana Singson, Carl Jason Nebres, Krisia Denise Misa, Aesha Rimona Cruz, Angela Pauline Tiausas, Jennifer Pagay, Yvonne Lara De Castro, Ramon Galvan III, Jasmine Claire Ano, Alyanna Jane Zarate, Lorenzo Abaquin, King Palmea, Loiki Nakashima , Oella Cabangon, Jean Cedric Madrigalejo, Joseph Elijah Sydney Gil, Lance Gamboa, Eliziah Gene Del Rosario, Christine Joy Dagatan, Alexander Genesis Dungca, Louie Adrian Lava, Clyde Sarmiento Maramba, Glenn Harvey Liwanag, Aldain John D. Canlas, Isabel Beatrice Valenzuela, Mark Ryan Lazaro, Ralph Manuel, Caloy Reyes

### SINING AT LAPATAN
Rosalaine Pesarit, Micah Rimando, Katrina de Guzman, Fleurbelline Vocalan, Caroline Leanne Carmona, Christine Loui Araña, Sara Angelica Nothdurft, Jeffrey Noel Agustin, Richela Puno, Jomar Alvarez, Kimberly Pe Aguirre, Patricia Yzabel Rivera, Richard Mercado, Ianthe Pimentel

### PROYEKTO
Bianca Louise Fenix, Faustene Tamayo, Aaron Lemuel Reyes, Bianca Louse Aguilar, Krissa Eunice Magdaluyo, Aileen Ann Orquinaza, Precious Ayana Flores, Robert Puentespina III, Santiago Armamento, Lorenz Gerard De Chavez, Gabrielle Anne Gabaton, Mark Clamor, Sarah Balais, Justine Angelica Lazaro

### PANANALASTAS
Christian Llave, Reina Kimberly Tamayo

### PANDAYAN
Miguel Ramoy, Michelle Angelica de Chavez, Francis Arnold de Leon, Sydney Madlangsakay, Angelica Bernadette Deslate, Ricci Rodriguez, Christopher Rey Estrada

**TANAWIN NG MATANGLAWIN**

**Mapanghamon ang ating panahon.**

**Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.**

**Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kaniyang bayan.**

**Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.**

**TUNGUHIN NG MATANGLAWIN**

**Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:**

**1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan: katotohanan lalo na ng mga walang tinig.**

**2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan: kabilang na ang kritisismo ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.**

**3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makataru-ngang balangkas ng lipunan.**

**4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.**

**5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.**

**6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.**

**7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.**

# TALAAN NG


12

14

18

20

22

30

32

38

# MGA NILALAMAN


## GOOD GOVERNANCE
*Jose Abelardo Torio at Jose Medriano III*

## FOREIGN POLICY
*Czarina Duka at John Macneil Mendoza*

## HUMAN RIGHTS
*King Reinier Palmea*

## YOUTH VOTE
*Riel Gutierrez*

## DINASTIYANG POLITIKAL
*Jan Fredrick Cruz*

## WALANG MGA PARTIDO
*Hansley Juliano*

## KANINONG PAGUNLAD?
*Ray John Santiago*

## KARA KRUS
*King Reinier Palmea*

# BAKA-SAKALI

# MULA SA PATNUGUTAN

Marami na ang nasabi tungkol sa paparating na halalan. Damang-dama ngayon ang impluwensya ng social media sa mga sari-sari at pabagu-bagong opinion ng mga mamamayan. Higit nating nakikita ngayon ang galit ng nakararami, sawang-sawa na sa status quo at naghahanap ng isang exodus tungo sa isang bagong Pilipinas. Dinig na dinig natin ang ating sariling paghihikahos, damang-dama ang kagustuhang kumawala sa mga estrukturang naniniil, sa mga hangganang pumipigil sa ating pag-unlad bilang tao. Pagod na tayo sa trapiko, sa MRT, sa mga bagay na nagpapabagal sa takbo ng araw natin.

Layon ng isyung ito na ipabatid na sa darating na halalan, nawa'y alalahanin natin na hindi lang tayo boboto para sa ating mga sarili. Hindi tayo boboto para sa mga kandidato, at hindi lamang para sa ating personal na hinaing at adbokasiya. Sa darating na halalan, sakaling nalimutan na, alalahanin natin ang mga katutubong inaagawan ng lupa, mga bakwit at biktima ng kalamidad na hanggang ngayon ay nasasadlak pa rin sa mga di-makataong kalagayan.

Sakaling nalimutan na, alalahanin natin ang mga biktima ng diskriminasyon sa kasarian at sekswalidad, na ang mismong pagkatao ang niyuyurakan ng sistema araw-araw. Sakaling nalimutan na, alalahanin natin ang mga OFW na nakikipagsapalaran sa ibang bansa, dahil walang mahanap na trabahong susustento sa kanila sa sarili nilang bayan. Sakaling nalimutan na, alalahanin natin ang mga estudyante at mga aktibista na pinatatahimik natin kung hindi tayo sang-ayon sa kanila. Sakaling nalimutan na, alalahanin natin ang mga mangingisda, mga magsasaka, at mga manggagawa, na nakukuba sa pagtatrabaho, para sa kakarampot na kitang 'di man lang maitawid ang araw-araw.

Sakaling nalimutan na, alalahanin natin ang mga matang umaasa sa isang edukasyon, sa isang kinabukasang mas makatao, mas maka-Pilipino.

Kung iisipin, ang ating pagboto ay isa ring pagbabaka-sakali tungo sa pag-unlad. At sa pagbabaka-sakaling ito, nawa'y maalala natin silang lahat.

ERRATA

*Humihingi ng Paumanhin ang pamunuan ng Matanglawin para sa mga pagkakamaling nakamit noong Tomo XL Blg. 1:*

*Hindi naisama si Gng. Anne Lan Candelaria sa aming Lupon ng mga Tagapayo.*

*Hindi naisama si Caloy Reyes sa listahan ng mga manunulat.*

*Hindi naisama ang kolum ni G. Hermund Rosales, bahagi na ito ng kasalukuyang isyu.*

*Nagkaroon ng problema sa imprenta ng larawan ni G. Hansley Juliano.*

*Maraming mga pagkakamali sa ispeling at balarila.*

*Maling manunulat ang nailagay sa talaan ng mga nilalaman para sa artikulong "Ang Papel ng Isang Manunulat," sinulat ito nina Katherine Alamares at Czarina Duka.*

*Hindi rin nabigyan ng tamang pagkilala ang sining ni Micah Rimando para sa Travelog: PGH.*

*Ikinalulungkot ng pamunuan na hindi naging masusi ang pamamatnugot ng Blg. 1, humihingi kami ng paumanhin at panahon na maisaayos ang mga lukot. Maraming salamat.*



# BAHALA NA!

**MAKAMUNDO**

MAYNARD CHUA
TAGAPAMAHALA NG PROYEKTO

Ngayong paparating na halalan, magkakaroon muli ng pagkakataon ang bawat mamamayang Filipino na mabigyan ng boses at makibahagi sa pulitika ng bansa. Ang mga kandidatong tumatakbo ngayong halalan ay kakatawan at magiging tagapagtanggol ng mga kolektibong boses. Ang mga boses na ito ay puno ng hinaing, galit, problema, at kawalang pag-asa dulot ng patuloy na pag-iral ng kahirapan, pang-aapi, at karahasan sa ating lipunan. Para sa karamihan ng mga Filipino, ang halalan ay ang pinakamagandang pagkakataon upang magkaroon ng pagbabago at malutas ang mga problema ng bansa.

Ilang halalan na rin ang nagdaan at pareho pa rin ang mga hinaing ng mga Filipino; galit pa rin sila; at marami pa rin silang problema. Ngunit ngayong halalan, tila muling nabigyan ng pag-asa ang madla, lalo na sa pagtakbo ng astig at machong alkalde ng Davao City na si Rodrigo Duterte. Para sa karamihan sa atin, mukhang siya na nga ang makapagtataguyod ng tunay na pagbabago at magbibigay-ginhawa sa ating buhay. Siya na ang bahala sa pagsugpo ng kriminalidad, sa pagpapaunlad ng ekonomiya, at pagtulong sa mga magsasaka at mangingisda. Bahala na siya sa lahat. Hindi ko nais pag-usapan si Mayor Duterte, subalit nais kong bigyang-pansin ang mentalidad na nananaig sa isipan ng mga botante, hindi lang ni Mayor Duterte.


Hindi nga ba ang salin ng government ay pamahalaan? Sa halalan natin binibigyan ng kapangyarihan ang mga nahalal na mamahala sa ating bansa, at pagkatapos ng halalan ay sila na ang bahala sa mga isyung panlipunan. Nakakabahala ang ganitong klaseng pag-iisip.

Ang problema ng bansa ay problema nating lahat. Totoong mas lalong mabigat ang mga problemang ito kapag ikaw ay nasa pamahalaan, lalo na kung ikaw ang presidente, sapagkat ito ang kanilang trabaho at hawak nila ang mga mekanismo tulad ng burukrasya, batas, lakas militar, at iba pa, ngunit hindi dapat nagtatapos ang responsabilidad sa kanila. Kailangan din nating makibahagi sa lipunan at hindi lamang umasa sa mga nanunungkulan, sapagkat kadalasan kapag hindi tayo konteto sa lagay ng lipunan, palaging diretso sa gobyerno ang ating mga bintang.

Tuwing mayroong problemang ayaw na natin pakialaman, madalas nating marinig ang ekspresyong, “Bahala na” o kaya naman “Bahala na si Batman.” Parang ganoon na rin ang sinasabi natin kapag bumoto tayo sa isang kandidatong pinaniniwalaan nating lulutas ng mga problema ng bansa. Sa ating pagsabi ng, “Bahala na ang gobyerno,” ipinapakita natin na wala tayong pakialam sa ating lipunang kinatatayuan. Hindi mga superhero ang mga nakaupo sa Malacañang upang ipagbigay-bahala natin sa kanila ang lahat ng mga problema ng bansa.

Mayroon namang mga iba na isinasawalang-bahala lamang ang halalan. Winawalang-bahala nila ito sa pagtangging bumoto sa katwiran na wala namang magbabago; Winawalang-bahala rin nila ito sa hindi nila pagkilala sa iba't ibang mga kandidato; winawalang-bahala nila ito sa pagtanggap ng pera at mga regalo mula sa mga kandidato; at huli, winawalang-bahala nila ito sa kanilang pagtanggi sa maayos na diskurso at kabiguan na maging mas kritikal sa mga kandidato, hindi lang sa iba kundi pati na rin sa kanyang sinusuportahan. Hindi magbabago ang Pilipinas kung ganito ang ating disposisyon sa halalan. Patuloy lang tayong mawawalan ng pag-asa, mas mawawalan lang tayo ng pakialam sa gobyerno, at mas nababalewala lang ang demokrasyang matagal nating ipinaglaban

Matagal nang ekspresyon ang Bahala na. Matagal nang nasa kaisipan at ugali ng marami sa atin na hindi managot sa mga problemang panlipunan. Mukhang matagal na rin tayong sumuko at nawalan ng pag-asa sa ating bansa. Panahon na upang matuto tayong makibahagi sa pagbibigay-solusyon sa mga problema ng lipunan at hindi na lang parating magbato ng hinaing at galit sa gobyerno Sana naman ay piliin na nating lumaban, kahit mahirap, at hindi lang maghanap ng mga politiko na magtatanggol sa atin. Huwag na tayong magsabi ng, “Bahala na” sa mga suliranin ng bansa, sa halip ay harapin natin ang mga ito. At tuwing tayo ay nawawalan ng pag-asa at nahihirapan na sa ating paglaban sa kasamaang umiiral sa ating lipunan, sabihin naman sana natin, “Bahala na, kakayahin din natin ito.”



# HIRAM NA PLUMA

## SA ATING PAGBABA SA BUROL

RAY SANTIAGO
PUNONG PATNUGOT

Nito lamang nakaraang buwan, isinagawa ng Pamantasang Ateneo de Manila (kasama ang ibang Loyola Schools) ang isang Mock Elections para sa nalalapit ng halalan 2016. Sa nasabing mock elections, nanguna at nagwagi ang mga sumusunod: Mar Roxas para sa pagkapangulo; Leni Robredo naman para sa bise, samantalang si Dick Gordon naman ang nanguna sa mga tumatakbong senador.

Dahil na rin siguro sa pagkakaroon ng negatibong imahe ni Mar Roxas at ng kasalukuyang administrasyon (at ng pagkapangalawa ni Bong Bong Marcos sa bise-presidente), ang mock elections ay umani ng maraming batikos. Isa sa mga makatawag-pansing reaksyon ay nagmula kay G. Lourd de Veyra kung saan tinawag niyang "Elite para sa elite" ang pagkapanalo ni Mar Roxas; elite, bilang kilala si Roxas (at ang kanyang mayaman at makapangyarihang pamilya, at si Korina) at elite bilang ito ang tingin sa mga Atenista. Matagal nang kilala si Lourd sa kanyang malakas na pagbatikos sa ating paaralan at kay Mar Roxas.

Siyempre hindi naman tayo patatalo. Kanya-kanyang share at tweet ang inabot ng komento ni de Veyra (sa social media rin lumabas ang nasabing komento). Pinutakti ng pambabatikos ang komento at iba't-ibang reaksyon ang lumabas mula sa ating mag-aaral at mga guro; siya raw nag mahilig mag-generalize at pangit ang kanyang mga palabas.Nagdebate ang mga supporters ni de Veyra at ilang mga Atenista. Mula sa iba't-ibang panig ng social media, tinawag tayong elitista, mayaman at matapobre.

Dumipensa ang iba at sinabing maraming proyekto ang pamantasan ng Ateneo na naglalayong pababain tayo mula sa "taas ng burol". Ilang estudyante ang nagpakita ng iba't-ibang asignatura at pagbababad (kasama ang mga litrato kasama ang mga IP, mahihirap o mga kinakain nila na "pangmahirap") na naka-sentro sa tinatawag natin pagiging "tao para sa kapwa". Nariyan ang iba na ginamit ang Teolohiya 141 upang ipakita ang pagkiling natin sa mga mahihirap. Nariyan rin ang pagkilos natin para sa mga magsasaka at mangingisda (Anti-APECO, Casiguran march at Coco Levy). Anong ibig sabihin nito?

Makikita natin na negatibo pa rin ang imahe ng pagiging Atenista; isang mayaman at isang anak ng negosyante o politiko; isang party-goer na apatetiko sa nangyayari sa ating lipunan; isang conyo na nabubuhay lamang sa baluktot na pananagalog at nakahimlay sa isang toreng garing.

Hindi naman lahat tayo ganito. Sa isang banda, patuloy na sinusubok ng pamantasan na pababain at imulat ang mga mag-aaral sa tunay na nangyayari sa labas ng pamantasan. Mabilisan ngang idinahilan ng mga Atenistang nag-komento kay Lourd na meron tayong iba't-ibang immersion at donation drives. Matagal na nating sinusubok abutin ang nasa ibaba.

Ngunit kapansin-pansin pa rin ang pagiging artipisyal nitong lahat. Siguro sa huli, natatawag pa rin tayong Elitistang Atenista dahil sa pagkakaroon mismo ng mga asignatura at proyektong ito. Hindi natural para sa isang Atenista ang makisalamuha sa mahihirap at artipisyal ang ganitong set-up sa isang paaralan.

Kahit gaano karami ang iskolar sa ating pamantasan, hindi pa rin maikakailang marami sa atin ang talagang nanggaling sa mas masarap (at makapangyarihang) buhay: may-ari ng lupa, haciendero o anak ng politiko.

Wala namang masama sa ginagawa natin, artipisyal man ito (mga immersion atbp.). Siguro, sa huli hindi pa rin sapat ang ginagawa natin para sa ating kapwa. Sa huli, kahit gaano pa karaming pagbababad, donation drives o ilang asignatura para sa pagpapakatao pa ang ating kunin, hindi pa rin natin sila lubos na maiintindihan at hindi rin maiintindihan ang ating pagsubok na pag-abot.

Naalala ko noon ang isang panayam ng Matanglawin kay G. De Veyra (hindi ko na itatago, big fan ako). Sabi namin sa kanya, nahihirapan ang Matanglawin (at iba pang organisasyon sa Ateneo) na abutin at buuin ang tulay sa pagitan ng nasa gitna at naisasantabi. Aniya, "meron ba talagang tulay? Posible ba talaga iyon? Paano kung wala?"

Hindi ako naniniwalang imposible iyon, pero ang naipakita ng mock elections (at ang mga pagbabatikos dito) na magiging mahirap ito at masakit ang pagbaba sa burol na ito. Sadyang may kaakibat nang depenisyon ang pagiging Atenista. Kapag nasabing Atenista, nariyan na ang mga kaakibat na pagtingin. Elite para sa elite parin siguro ang magiging tingin nila sa atin. Pero ganun naman talaga ang tunay na pagmamahal diba? Kahit na hindi mo naiintindihan, kahit hindi nila naiintindihan, itutuloy mo parin.

Hanggang sa makita natin na wala naman pala talagang burol na dapat babaan at pare-parehas lang tayong nakatapak sa patag na lupa. (O hindi lang talaga sikat si Mar).



# #ALDUB

**DUGONG BUGHAW**

HERMUND ROSALES
PUNONG PATNUGOT (2009-2010)

Ilang araw na lang, eleksyon na. Bago pa nga ang deadline ng pagpasa ng certificate of candidacy (COC), marami nang pumupustura. Ngayon, matapos ang matagal na espekulasyon kung sino ang mga tatakbo, ngayon, may tiyak nang listahan sa balota.

Di mawawala tuwing eleksyon ang mga trapo (traditional politician). Ito ang mga nagpatanda (at nagpataba) na sa politika. Trapo din 'yung kahit baguhan, sanay na sa lumang kalakaran. Isa pa raw kahulugan ng salitang trapo ay "basahan". Akmang-akmang paglalarawan ito sa mga trapo: mga pinaglumaang telang ginagamit sa marurumi; na kapag nalabhan ay puwede pang magamit ulit. Gaano man kasi kabaho o karumi ang mga trapo, para bang kapag naghugas kamay ang mga ito ay nalulukluk ulit sa puwesto.

Mayroon din diyan, ipiniprisinta ang sarili bilang alternatibong kandidato na maghahatid daw ng pagbabago. Ingat tayo sa mga ganito, kasi may mga trapong nagbabalat-kayong alternatibong kandidato, o alternatibong kandidato nga pero puppet naman ng trapo.

Iba-ibang pakulo at diskarte ang gagawin ng mga kandidato para magpakilala at manligaw ng botante. Mayroong dadaanin sa shortcut gaya ng oplan abot-sobre o 'yung magpapamudmod ng pera para sa boto. Sila 'yung naghahatid ng sandaling ginhawa sa panahon ng eleksyon, pero magdudulot ng mas matagal na pagdurusa kapag nakaupo na.

Kapag sinabi ring eleksyon, hindi lang ito labanan ng mga indibidwal. Palakasan din ito ng mga partido, kaya nga may mga pinatitindi ang makinarya sa pakikipag-alyansa. Hindi na ko nagtataka, na 'yung sinasabing independent sila, daig pa ang may partido kung mangolekta ng suporta sa iba't ibang grupo. Sa pambansang halalan, hindi sapat na popular ka. Kailangang makuha ang boto sa lokal, maging 'yung nasa kasuluk-sulukan. Kaya may mga utak-tuso at balimbing, 'di na baleng isuko ang prinsipyo o kampihan ang kalaban, masiguro lang ang boto.

Ang mga tatakbo sa mas mataas na posisyon, gagawa't gagawa ng paraan para magpapogi. Sila 'yung mga buwitreng naglalaway kung maka-bantay-salakay sa photo op at media exposure. Sasakay sila sa mga isyung alam nilang dadalhin ang kanilang pangalan sa pahayagan, radyo, telebisyon, at social media. Nakakagigil 'yung mga politikong ang haba-haba ng sinasabi, pero wala namang katuturan ang pahayag. Lalong nakakainsulto 'yung humaharap sa media, at may kapal pa ng mukhang magmalinis sa mga alegasyon laban sa kanya. Ipinaglihi siguro sa pagsisinungaling, pang-uuto, at panggagago sa mga tao.

Tingnan natin 'yung nangyaring protesta ng Iglesia ni Cristo (INC) sa EDSA. Kilala ang INC sa pag-endorso ng kandidato at sa block voting. Milyun-milyon ang kasapi nito, kaya nagkakandarapa ang mga politikong makuha ang suporta nila. Di ba nga, maraming nakisawsaw sa isyu para sa pansariling agenda?

Kung susuriin ang pahayag ng mga kandidato ukol dito, halos lahat, inulit lang ang isinisigaw ng INC. Kaya bibilib ka doon sa piniling ihayag ang kabaligtaran ng gustong marinig ng mga nasa EDSA noong mga araw na iyon.

Dito, puwede na nating matukoy ang pagkatao (at pagka-trapo) ng mga kandidato. Ang problema, hindi ito basta-basta maitutulay sa mas nakakarami. Kadalasan kasi, ang mas mahalaga sa atin, matapos lang ang aberya, nang hindi na maabala.

Ilang araw na lang, eleksyon na. Siguro, mayroon na kayong naiisip na iboto. Mayroon man o wala, mahaba pa ang panahon para mag-isip, at para mag-isip ulit. Marami pang isyung pag-uusapan, at sana, kilalanin nating maigi ang mga kandidato.

Balita ko, may mock elections na ginanap ang isang org sa Ateneo bago ang filing ng COC. Ang nanguna, si Miriam Defensor-Santiago. 120 lang umano ang nakilahok dito. Pero nang nabalitaan ko ito, di ko naiwasang balikan 'yung mock elections ng Ateneo noong 2010 kung saan nanalo si Gibo Teodoro. Sa mga resultang ito, lumalabas na hindi basta naiimpluwensyahan ang marami sa mga Atenista sa kung sino ang nangunguna sa mga election survey; hindi nila basta iboboto kung sino ang popular. Pinipili nila ang sa tingin nila ay kumakatawan sa kanila: intelektuwal, matalino, may kakayahang mamuno. Pero parang hanggang doon na lang. Hindi na umaabot sa

mas malalim na pagkilatis: kung sino ba ang mga kaalyado ng kanilang ibinoto, kung ano ang naging paninindigan nila sa mga isyu, at kung bakit ba sila tumatakbo.

Dito ko nakikita ang pangangailangan sa pakikiambag ng mga mapanuring mag-isip o ang pagmumulat sa napakarami nating kababayan ukol sa mga usaping panlipunan. Alam naman natin, lahat ay may opinyon. Pero di ba, mas mainam kung 'yun ay opinyon na nahubog mula sa pagkamulat sa bawat anggulo ng isyu? Mahirap naman kung ang opinyon ay batay lang sa propaganda o panggagago pa more ng ilang may pansariling agenda.

Linawin ko lang, mahalaga ang opinyon ng iba—mga sangkap itong titimbangin at titimplahin natin para makagawa ng isang pasyang naaayon sa sariling isip at konsensya. Tandaan natin: May mga grupong nagsusulong ng kanya-kanyang agenda; may mga komentaristang kapag naabutan ng "grasya" ay nabubusalan ang bibig o parang de-susing loro ng kanilang padrino.

Sa karanasan ko, napagtanto kong mas madali ang pumuna ng mga pagkukulang at kamalian; mas madali ang bumatikos kaysa sumalag ng mga batikos. Pero alinman sa dalawang ito, mahalagang himayin muna ang bawat detalye, makuha ang bawat panig, at masipat ang bawat anggulo ng isyu. Sa pamamagitan nito, nahahasa ang kakayahan nating matukoy kung sino ang mema (memasabi lang), o mamaru (nagmamarunong lang).

Ang tanong: Bilang Atenista, bilang mag-aaral, bilang Pilipino, ano ang puwede nating maiambag sa darating na halalan?

Ang sa akin, hindi sapat na bumoto lang tayo. Mainam kung makilahok din tayo sa mga usapin, at sikapin nating itaas ang antas ng pampublikong diskurso sa mga isyung panlipunan, lalo na ang susunod na eleksyon. Puwedeng mamaru lang din ako dito. Puwedeng sabihin: Alam na namin 'yan, wala ka namang nasabing bago. Pero madalas, kung ano 'yung alam na natin, 'yun ang hindi na rin natin pinag-iisipan. Akala natin, marunong na tayo, pero marami pa pala tayong dapat malaman at matutuhan.

Ang hamon sa atin: Ituloy ang pagkamulat at ang pagmumulat, lalo na sa mga usaping may kinalaman tayong lahat. Sa susunod, hindi ko na sana kailanganing gumamit ng sikat ngayong hashtag bilang pamagat, para lang magbaka-sakaling mas mapansin ang kolum na ito.

ERRATUM: Nakatakda dapat lumabas ang kolum na ito sa unang edisyon ng Matanglawin Tomo XL. Humihingi ng paumanhin ang pamunuan ng Matanglawin kay G. Rosales para sa pagkahuli ng paglabas ng kanyang kolum, bagaman napapanahon at nababagay pa rin sa tema ng isyung ito ang kanyang kolum. m

*Sining sa kanan*: Hubad na "Katotohanan". Digital at Photo Manipulation. Mayo 2016. Micah Rimando.
Narito ang mukha ng senador na si Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr. na nakakabit sa katawan ni David (eskultura ni Michelangelo), talinghaga ng pilit na paghuhubad ng "katotohanan" at pagtataas sa sarili o pagpapakitanggilas kahit ang lahat ng hinahain ay pagbabaluktot ng kasaysayan, at kahit ang mismong kinatatayuan ay nangangamoy na— sinisigaw ang naguumapaw na katotohanan ng mga nawala, tinapak-tapakan, at binalewalang mga buhay.



# GOOD GOVERNANCE

nina Jose Abelardo Torio at Jose Medriano III | sining nina Micah Rimando at Rosalaine Pesarit | lapat ni Micah Rimando

Mahalaga ang mga usapin tungkol sa pamamahala, sapagkat ano mang solusyon sa ano mang problema ay nagsisimula sa kung paano palalakarin ng pangulo ang kaniyang gobyerno. Bukod pa rito, pagkakataon din ang paparating na eleksiyon para bigyan ng hatol ng mga mamamayang Filipino ang pamahalaan ni Benigno Aquino III. Magpapasiya si Juan kung nararapat na ituloy ang kasalukuyang administrasyon o tuluyang baguhin ito. Ano-ano ang iminumungkahing pamahalaan ng mga tumatakbo sa pagkapangulo? Papaano naiiba ang mga plano nila sa pamahalaang Aquino? Paano sila tumitindig sa mga isyung pampamahalaan?

**GOBYERNONG PARA SA LAHAT**

Sentral sa mensahe ni Jejomar Binay ang kaniyang mababang pinagmulan. Dahil dito, siya raw ang pinakanakaiintindi sa mga pangangailangan ng mga mahihirap, at sila ang magiging pokus ng pamahalaan niya. Isa rin siya sa mga pinakamariing kritiko ng administrasyong Aquino dahil sa aniya'y hindi pagtugon sa mga suliraning gaya ng kahirapan at kalamidad. Hindi pabor si Binay sa anti-dynasty bill dahil naniniwala siyang hindi sanhi ng kahirapan ang mga dynasty, at hindi dapat pigilang tumakbo ang sinomang kuwalipikado. Naniniwala rin si Binay na kailangang palawakin pa ang sakop ng freedom of information bill upang masama ang regulasyon sa media at social media. May plano rin si Binay na baguhin ang ayos ng gabinete: magkakaroon ng hiwalay na kagawaran ang Transportation at Communication at ang Environment at Natural Resources, at magkakaroon ng bagong kagawaran para sa Housing and Urban Development.

**TAPANG AT MALASAKIT**

Mariing isinusulong ni Rodrigo Duterte ang pagtatatag ng federalismo sa bansa, nilalayong magbigay ng mas maraming kapangyarihan sa mga rehiyon hinggil sa pamumuno at pananalapi sa pamamagitan ng pagbuwag sa kasalukuyang sentralisadong paraan ng pamamahala. Kaniyang katuwiran, ito raw ang solusyon sa ilang dekadang digmaan sa Mindanao. Kung ipapasa man ang panukalang BBL aniya, dapat magsilbing ehemplo ang Bangsamoro ng kayang makamit sa Federalismo. Nakilala si Duterte sa kaniyang mga pahayag ng pagtangkilik sa mga pamamaraang hindi kumbensiyunal upang malutas ang problema ng kriminalidad at korupsiyon sa bansa. Kaliwa't kanan ang hinaharap ni Duterte na mga alegasyon ng paglabag sa karapatang pantao habang mayor ng Lungsod Davao. Sa kabila nito, umiinog pa rin ang plataporma niya sa pamumuno gamit ang kamay na bakal. Nais niyang ibalik ang parusang kamatayan para sa mga kaso ng pagtutulak ng droga, panggagahasa, pangingidnap, pagnanakaw, at pagpatay. Pabor din siya sa pagpasa ng FOI bill upang mas magkaroon ng pananagutan ang mga kawani ng pamahalaan.





### GOBYERNONG MAY PUSO

Ingklusibong pag-unlad, ito raw ang sisikaping makamit ng gobyernong may puso sa ilalim ng pamamahala ni Grace Poe. Itutuloy rin daw ang nasimulan ng kaniyang ama na si FPJ na naudlot ng pagkaluklok sa pagkapresidente ng dating pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Sa kaso ng katiwalian, aniya'y walang monopolyo ang iisang partido sa Daang Matuwid at sisikapin niyang ituloy ang mga nasimulang programa sa panunungkulan ni Aquino. Ilan lamang sa mga kongkretong paraan na kaniyang susubuking gawin upang patuloy na mapanagot ang mga tiwali sa gobyerno ay ang pagsulong sa FOI bill upang mapaigting ang kakayahan ng mga mamamayan na tingnan ang ginagawa ng mga kawani ng pamahalaan. Inihayag din niya ang kaniyang 'di pagsang-ayon sa mga dinastiyang politikal sa Pilipinas alinsunod sa sinasabi ng Konstitusyon,. Hindi siya sang-ayon sa pagsasabatas ng panukalang BBL. Sa halip, nakikita niyang solusyon ang pagbibigay sa lokal na gobyerno ng mas maraming kapangyarihan sa pamamahala pati na rin sa pananalapi o pagdedesisyon kung saan ilalaan ang kanilang pondo.

### DAANG MATUWID MULI

Pangunahing mensahe ng kampanya ni Mar Roxas ang pagpapatuloy sa mga programa't repormang nagmula sa Daang Matuwid ni Pangulong Aquino, na pinagsilbihan niya sa ilang posisyon sa gabinete. Ipinagmamalaki ni Roxas ang mga paglago ng ekonomiya, pagpapanagot sa mga tiwaling opisyal, at paglawak ng mga serbisiyong panlipunan sa ilalim ng administrasiyon, at ipinipresenta niya ang sarili bilang tagapagtanggol ng mga pagbabagong sinimulan ni Aquino. Sa kabila nito, kinikilala rin ni Roxas na mayroong pagkukulang sa pagpapatupad ng Daang Matuwid ni Aquino, at binigyang-pansin niya ang pagtugon sa ilan sa mga ito sa kaniyang plataporma. Kabilang dito ang anti-political dynasty bill, na sinusuportahan ni Roxas; freedom of information bill, na sinusuportahan din niya bukod sa ilang probisyon, at ang Bangsamoro Basic Law, na tinawag niyang "last chance for peace" sa Mindanao.

### EXCELLENCE IN GOVERNANCE

Maipagmamayabang ni Miriam Defensor-Santiago ang ilang dekada ng karanasan sa panunungkulan sa gobyerno at 'di matatawarang talino, ito rin daw ang kailangan ng Pilipinas na kanyang balak dalhin sa Malacañang. Sa isyu ng korupsiyon, isa siya sa mga tagasuporta ng nakabinbin na FOI bill. Plano niyang gawing priyoridad ang pagpasa ng nasabing panukalang batpas. Naging mariing na kritiko ng BBL si Santiago sa kanyang pagpuna sa ilang probisyon ng BBL na sa tingin niya'y hindi umaayon sa Konstitusyon. Kaniyang paliwanag, nakikita niya ang kahalagahan ng batas ngunit kailangan muna nitong maging konstitusyonal para maipasa at 'di maipasawalang-bisa ng Korte Suprema. Bilang pantas ukol sa Saligang Batas, at isa sa mga sumulat ng ilang ipinasang anti-political dynasty bill sa Kongreso, kilala rin si Santiago sa kaniyang paglaban sa mga dinastiyang politikal.

# FOREIGN POLICY

ni Macneil Mendoza at Czarina Duka | sining ni Pie Tiausas | lapat nina Pie Tiausas at Micah Rimando

Mula sa usapin ng teritoryo, pandaigdigang kalakalan, pakikilahok sa mga organisasyong panrehiyon, at estado ng relasyon ng Pilipinas sa ibang bansa, isang mahalagang isyung dapat harapin ng mga kandidato para sa pagkapangulo ngayong taon ang makulay na usapin ng ugnayang panlabas ng Pilipinas. Sa mga listahan ng kandidato, halos lahat ay walang direktang karanasan o partisipasyon sa mga polisiya ng ugnayang panlabas ng Pilipinas (Philippine Foreign Policy). Gayunpaman, ang bawat isa ay naglatag na ng kani-kanilang plano't plataporma na tumutugon sa mga pinakamahahalagang isyung pumapalibot sa usapin ng ugnayang panlabas ng Pilipinas.

## TSINA AT ANG MGA TERITORYO SA WEST PHILIPPINE SEA

### ROXAS

•Bilang kandidato ng Partido Liberal, suportado at ipagpapatuloy ni Roxas ang mga diplomatikong hakbang na isinasagawa ngayon ng kasalukuyang administrasyon gaya ng pagsusulong ng gobyerno ng arbitration case sa International Tribunal on the Laws of the Seas (ITLOS).

•Sa tulong ng United Nations, isusulong ng Pilipinas ang pagsalig sa batas bilang nararapat at pantay na hakbang para sa magkabilang panig - patunay at pamalas umano ng prinsipyo ng mga Pilipino.

•Iginigiit na dahil pumirma ang China, UN Convention on the Law of the Sea (UNCLOS), malaki ang pag-asang maipanalo ng Pilipinas ang kaso.

•Sa harap ng mga residente ng Masinloc, Zambales - kung saan pinakamatindi ang epekto ng mga aktibidad ng China sa mga mangingisda roon - pinanindigan ni

## UGNAYAN NG PILIPINAS AT ESTADOS UNIDOS

•EDCA: Ang kasunduang ito ay pinahihintulutan ang Estados Unidos na ituloy ang operasyon ng kanilang mga pasilidad sa teritoryo ng Pilipinas. Sa kabilang banda, ang Pilipinas naman ay maaaring manghiram o magrequest ng mga barko at eroplano mula sa US. Pinagtitibay nito ang Visiting Forces Agreement o VFA.

•VFA: Ito ang pagpapahintulot sa Estados Unidos na panatilihin ang kanilang jurisdiction sa mga militar na may nagawang krimen sa Pilipinas, pwera na lamang kung ang krimen ay may kaukulang importansya para sa bansa.

### ROXAS

•Dahil siya na rin mismo ang nagsabi na itutuloy niya ang 'Daang Matuwid' ng kasalukuyang administrasyon, hindi na rin kabigla-bigla na sumasang-ayon si Roxas sa EDCA,

## TSINA AT ANG MGA TERITORYO SA WEST PHILIPPINE SEA

Roxas na dapat ipaglaban ng Pilipinas ang karapatan nito sa mga pinag-aagawang teritoryo sa legal na pamamaraan. "What's for the Philippines should remain in the hands of Filipinos. We will defend what is ours," aniya.
• Gayunpaman, kinikilala ni Roxas na higit pa sa usapin ng agawan ng teritoryo ang kabuuan ng ugnayan ng Pilipinas sa China.

### POE

•Gaya ni Roxas, suportado rin ni Poe ang desisyon ng administrasyon na maghain ng arbitration case sa arbitral trubunal.
•Naniniwala rin si Poe na ang usapin ng agawan sa teritoryo ay isa lamang sa napakaraming aspeto ng malalim ng ugnayan ng Pilipinas at China.
•Naninindigan si Poe na sa Pilipinas ang West Philippine Sea (South China Sea), at nilalayong palakasin ang Coast Guard at sandatahang lakas ng bansa bilang tugon sa mga bantang militar ng ibang bansa.
•Gayunpaman, pagsunod pa rin sa pandaigdigang batas at paggamit ng mapayapa't diplomatikong paraan ang nakikitang tamang paran ni Poe upang maresolba ang isyu.
•Tinitingnan din niya ang pagbuo ng alyansa kasama ang iba pang mga bansang naghahayag ng sariling layunin at interes gaya ng isinusulong ng Pilipinas.

## UGNAYAN NG PILIPINAS AT ESTADOS UNIDOS

na nilagdaan ni PNoy kamakailan. Bukod sa nabanggit, walang malinaw na mga pahayag si Roxas ukol sa isyu.

### POE

•Katulad ni Roxas, kapansin-pansin din na sang-ayon si Poe sa mga polisiya at kasunduan ng Pilipinas at Estados Unidos. Maaaring tignan ito sa konteksto ng noo'y dual citizenship ni Poe na Filipino-American.
•Noong unang Presidential Debates 2016 na ginanap sa Cagayan de Oro, sinuportahan ni Poe ang posisyon ni Santiago. Ayon kay Poe, dapat na mag-alala ang administrasyon sa totoong pakay ng Estados Unidos hinggil sa 'pagtulong' nitong ipagtanggol ang teritorya ng Pilipinas.
•"Ngayon, ang isipin natin ay ang ating sarili. Ano ang pwede nating makuha sa kasunduang ito? Oo nandyan sila (US), isang bigatin na puwede tayong bantayan. Pero naalala ba ninyo, nung nandito yung base militar, kahit papaano binabayaran tayo ng mga Amerikano. Pero ngayon dahil sa EDCA libre ang kanilang pagiging nandito," ani ni Poe.



### BINAY

•Kinukuwestiyon ni Binay ang mga hakbang na ginagawa ng kasalukuyang administrasyon gaya ang pagdulog sa United Nations.
•Sa halip, isinusulong ni Binay ang pambansang interes sa pamamagitan ng bilateral na diyalogo sa pagitan ng China at Pilipinas kung saan hindi lamang usapin ng teritoryo, kung hindi maging kalakalan at pamumuhunan, ang dapat talakayin.
•Sang-ayon sa ideya ng joint ventures sa pagitan ng Pilipinas at China upang magkasamang linangin, palaguin at pakinabangan ang mga yamang matatagpuan sa West Philippine Sea gaya ng langis at gas, sapagkat magiging malaking tulong umano ang kapital na manggagaling sa China sa Pilipinas.
•Gayunpaman, taliwas ito sa nauna na niyang posisyon ukol sa pagsuporta sa Code of Conduct on the South China Sea sa pagitan ng ASEAN at China kung saan multilateral na pagpupulong ang magaganap.
•Tinitingnan niya ang posibilidad sa pakikipag-ugnayan sa iba pang bansang umaangkin ng mga nasabing teritoryo upang magbakas sa pakikinabang sa mga yaman sa West Philippine Sea.
•"Ang sovereignty is non-negotiable. Ipaglalaban natin kung ano ang nararapat na para sa ating mga Filipino. Naniniwala din po si Vice President Binay na kailangang bukas tayo sa negotiations," ayon

### BINAY

•Para naman kay Binay, ang EDCA ay isang paraan upang umunlad ang pamumuhay ng mga Pilipino, dahil hindi lamang nito pipigilan ang mga maniniil o mga kalaban ng Pilipinas, ngunit makatutulong din ito sa mabilis na pag-responde sa oras ng mga kalamidad.
•Nabanggit rin ni Binay na ang EDCA ay isang importanteng pillar ng rehiyunal na patakarang seguridad ng Pilipinas. Sabi niya, "A stronger American military presence in the Philippines and greater interoperability between our respective armed forces dramatically increases our individual and collective defense capabilities, providing a dramatic deterrent against external aggression."
•Dagdag pa dito, sinigurado ni Binay na hindi magiging dahilan ang EDCA upang maubos ang limitadong kayamanan ng Pilipinas, lalo na pagdating sa mga armas at sa sistema ng paggawa nito. ("without shifting a significant portion of our limited resources to support an arms race and procure weapons systems that exceed our normal defense requirements.")
•Ang pagsuporta niya sa EDCA, aniya, ay hindi nagsasaad na balewala na lamang ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Tsina.

## TSINA AT ANG MGA TERITORYO SA WEST PHILIPPINE SEA

sa spokesperson ni Binay na si Atty. Rico Quicho.
•"Naniniwala si Vice President Binay na kaya niya po pag-usapan at kausapin ang iba't ibang bansa na may kaniya-kaniyang claims… . Madalas sinasabi ni VP Binay na dapat pagtulung-tulungan ng mga bansa on a multilateral agreement para mas maraming bansa ang nag-uusap para mas lalong mapalakas ang tulungan sa ekonomiya," dagdag ni Quicho.
•Isusulong din ni Binay ang iba pang mga legal na paraang naaayon sa pandaigdigang batas kung saan sasangguni ang Pilipinas sa mga kaalyado nitong bansa at mga rehiyunal na samahang kinabibilangan.
•Naniniwala na dapat makibahagi ang China sa mapayapang diyalogo at legal na mga pagdinig at proseso ukol sa isyu.

### DUTERTE

•Mas pabor sa bilateral na pakikipag-usap sa China ukol sa agawang teritoryo, at iginigiit na mas impormal na pakikipag-ugnayan ang mas epektibong paraan upang dinggin ng China ang Pilipinas .
•Banta niyam kung hindi pa rin makipag-usap ang China sa Pilipinas, tatayo siya sa Spratlys at "papatayin sila."
•Naniniwalang dapat maging bukas ang Pilipinas sa diyalogo sa pagitan nito at China, sa pakikisangkot ng ASEAN dahil ang isyu ng agawan ng teritoryo ay sumasaklaw sa interes ng marami pang karatig bansa.
•Ayon kay Duterte, habang umuusad ang kaso sa United Nations, dapat kasabay nito ay ang mapayapang diyalogo sa China.

### SANTIAGO

• Bagama't suportado ang arbitration case, hindi kuntento si Santiago sa mga kasalukuyang hakbang ng gobyerno, sapagkat nakatutok lamang ang atensiyon nito sa pag-usad ng kaso sa international tribunal.
•"The government seems to have grown complacent on the issue of the West Philippine Sea dispute, confident that the international tribunal now hearing the memorial it has filed against China will rule in its favor," ani Santiago.
•Binatikos din ni Santiago ang administrasyon dahil masyado itong umaasa sa tulong ng puwersa mula sa Estados Unidos

## UGNAYAN NG PILIPINAS AT ESTADOS UNIDOS

### DUTERTE

• Sang-ayon si Duterte sa pagbabasura ng VFA at EDCA, dahil aniya, hindi naman nakakakuha ang mga Pilipino ng pantay na mga karapatan dito, kung ikukumpara sa nakukuha ng Estados Unidos. Ito ang kanyang pahayag matapos mangyari ang pagpatay ng isang US marine kay Jennifer Laude.
• Aniya, "Kung magmumukha lang tayong tanga, and our jurisdiction is being played upon and nobody can really get their hands on the accused, why should we continue with those agreements?"
• Nabanggit din ni Duterte na hindi malakas ang ugnayan ng Pilipinas at Estados Unidos, dahil walang ipinakikita ang Estados Unidos na aksyon upang tulungan nang buong-buo ang Pilipinas hinggil sa isyu ng West Philippine Sea o South China Sea. Ayon kay Duterte, "If America cared, it would have sent its aircraft carriers and missile frigates the moment China started reclaiming land in contested territory, but no such thing happened."

### SANTIAGO

•Sa limang kumakandidato bilang presidente ng Pilipinas, si Santiago ang may pinakamatinding pagtanggi sa EDCA at VFA, o sa masyadong pagdepende ng Pilipinas sa Estados Unidos, pagdating sa usapang militar.
• Mariing hindi sinasang-ayunan ni Santiago ang pagpapatupad ng Enhanced Defense Cooperation Agreement o EDCA.
•Iginigiit ni Santiago na inilalagay ng gobyerno sa kapahamakan ang sovereignty ng Pilipinas, dahil sa pag-apruba nito sa EDCA.
•Gayunpaman, hindi pa rin malinaw kung may ginagawang aksyon si Santiago upang makahanap ng butas sa legalidad ng kasunduang ito.
•Dagdag pa riyan, nilalayon ni Santiago na makipag-areglong muli sa Estados Unidos ukol sa Visiting Forces Agreement o VFA. Aniya, kapag hindi naman sila pumayag sa renegotiation, isusulong niyang mapawalang-bisa ang kasunduang ito.
•Binanggit din ni Santiago na ang EDCA at VFA ay parehong walang bisa. "The EDCA is invalid for two reasons: The


upang mapigilan ang patuloy na pagiging agresibo ng China sa mga teritoryo sa West Philippine Sea, sapagkat pareho umanong bansa ay may sari-sariling interes sa pinag-aagawang teritoryo.

•Kung mahahalal, sinabi ni Santiago na hindi lubusang nakadepende ang kanyang administrasyon sa tulong ng Estados Unidos sa pagresolba ng isyu, bagkus ay ipapaling ang atensiyon sa pakikipagnegosasyon sa China at mga karatig bansang nagpapahayag na parehong interes sa mga teritoryo.

• Balak din niyang magpatupad ng mga hakbang upang mabawasan ang pagkasira ng ilang bahagi ng mga yamang-katubigan ng Pilipinas matapos buksan ng UN Convention ang ilang bahagi ng pandagat na teritoryo ng Pilipinas upang bigyan kalayaan umano ang pagdaan ng lahat ng barko ng anumanng estado, at upang maiwasan ang mga insidente gaya ng pagsadsad ng mga barkong sumira sa ilang bahagi ng Tubbataha Reef.



executive claims that it is not a treaty but merely an executive agreement, and it was not submitted to the Senate for concurrence. The flaw of the VFA, meanwhile, lies in the fact that it is not considered a treaty by the US," giit ni Santiago.






# HUMAN RIGHTS

ni King Reinier Palmea | sining ni Pie Tiausas | lapat ni Micah Rimando



Nauugnay si Mayor Rodrigo **Duterte** sa isang grupong tinatawag na "Davao Death Squad" na siyang salarin sa mga extra judicial killings sa kaniyang panunungkulan sa Davao bilang akalde. Tinatayang humigit kumulang 1000 katao ang pinatay na criminal ng DDS. Inamin ni Duterte na sangkot nga siya sa mga ito.



Isang isyu ngayon sa bansa ang pagtrato sa komunidad ng LGBT. Lumalaganap ang mga pagpatay at pagmamaltrato sa kanila. Usapin din kung dapat nga bang isabatas sa bansa ang same-sex marriage/union ngunit kontrobersyal ito sapagkat ang Pilipinas ay kilala bilang Kristiyanong bansa at taliwas ang same-sex marriage sa turo ng simbahan.

**Duterte**: Sang-ayon si Mayor Rodrigo Duterte sa pagsasabatas ng same sex marriage sa bansa. Sumusuporta rin siya sa mga karapatan ng LGBT community. Sa katunayan, may naipasa siyang Anti-Discrimination ordinance sa Davao. Sinabi niya, "sa Davao walang binabastos na bakla. Kasi ayaw ko ng oppression." Nang tanungin kung ano ang kaniyang posisyon sa same sex marriage, ang sabi niya, "everyone deserves to be happy." (Adel, 2015)

**Binay:** "On my part, I will abide by and follow the position of the Catholic Church on the matter." (Bilang Pilipino, 2016)

**Poe:** "I support the right of two consenting adults to contract civil marriage, regardless of their sex. All persons are guaranteed equality in their rights. Human rights accrue to them from birth. Our Constitution mandates the State to guarantee full respect for human rights. Our laws cannot discriminate against persons because of their sexual orientation and gender identity." (Bilang Pilipino, 2016)

**Santiago:** Hindi pabor ang senador sa same-sex marriage. Ayon sa kaniya, labag ito sa Family Code. Naghain siya ng apat na panukalang batas noong 1998 laban sa same-sex marriage (Jimenez, 2015). Sinabi niya, "marriage is a union founded on the distinction of sex. That contracting parties must be of different sex is, in fact, a requirement under the provisions on legal capacity." (Bilang Pilipino, 2016)

**Roxas:** "Bilang public policy para sa akin ay hindi ako pabor dito. Subalit gusto kong, tatapatin kita Mel, may mga kamag-anak ako na close na close na have partners and nirerespeto ko sila, minamahal ko sila, tinatanggap ko sila, bukas-puso, bukas-loob kong ang aking pagtrato sa kanila" (Bilang Pilipino, 2016).

**Duterte:** Naging usapin ang kumalat na video na nagpakita ng pagbibiro ni Mayor Duterte tungkol sa panggagahasa at pagpatay sa isang Australian missionary. Sinabi niya na "mayor dapat ang mauna." Hindi humingi ng tawad si Duterte. Bagkus, sinabi niyang tanggappin siya ng kaniyang mga taga-suporta kung sino siya at kung paano siya magsalita.

**Poe:** Naniniwala ang senador na isa sa pagsulong ng karapatan ng mga kababaihan ay ang paghalal sa kanila sa kongreso. Hinihikayat niya na iboto ang mga kababaihan tumatakbo sa iba't-ibang posisyon sa gobyerno. Ang sabi niya, When you put more women in Congress, you are making a stand against the bigoted view that women are mere sex objects, 'pang-kama o pang-kusina'" (Yamsuan, 2013).



**Roxas:** Hindi sang-ayon si Roxas sa pagbibiro ni Duterte tungkol sa rape. Sinabi niya sa isang panayam, "ang babae ay may karapatan, hindi pinaglalaruan. Hindi ito katatawanan, kahayupan ito" (Nicolas, 2016).

**Santiago:** Nanghihikayat si Senador Santiago na suportahan ang kaniyang pakikibaka para sa karapatan ng kababaihan sa senado. Isa siya sa mga nagpanukala ng Reproductive Health Law. Ilan sa kaniyang mga panukalang batas ay ang Safe Haven Bill at Child Support Bill (Ager, 2015 ).

**Binay:** "Isusulong natin ang pagpapalawak ng Anti-Violence against Women and the Children Act of 2004. Magiging sakop na rito ang karahasan sa kababaihan gamit ang social media at iba pang komunikasyong technology", ito ang sabi ng pangalawang pangulo nang siya ay nangangampanya sa Zamboanga (Cepeda, 2016). Nais rin niyang isulong ang programang pangkalusugan para sa kababaihan. Hindi rin siya sang-ayon sa pagbibiro ni Duterte tungkol sa rape.

Ang labor contractualization ay hindi natuldukan sa panunungkulan ni pangulong Aquino. Bagaman may limitasyon ito sa ayon sa labor code, likas na hindi makatarungan ito. Kadalasan mababa ang sahod ng mga contractual workers at wala pang benepisyo. Binibigyan sila ng panibagong kontrata bago sa halip na gawin silang regular na maggagawa. Laging nasa panganip ang trabaho ng mga empleyado sapagkat maari lamang silang tanggalin ng mga nagmamay-ari ng kumpanya. Bukod dito, sa ikli ng panahon ng kanilang pagtatrabaho, hindi sila nakabubuo ng isang union upang labanan ang sistemang ito kaya kailangang mamagitan ng gobyerno.



**Duterte:** "You will kill the Filipino skill.", ito ang sabi ni Mayor Rodrigo Duterte tungkol sa labor contractualization. Nais niya itong tanggalin kung siya ay uupo bilang presidente. (Corrales, 2015)

**Roxas:** Walang sinabi si Mar Roxas tungkol sa labor contractualization. Wala rin siyang planong tanggalin ito. Sa rehimen ni pangulong Aquino, hindi natanggal ang labor contractualization. Bilang standard bearer ng liberal party, inaasahang ipagpapatuloy ito ni Mar Roxas kapag siya ang uupo sa Malacañang.

**Binay:** ""This administration is boasting of the millions of jobs it created, but most of these jobs are not permanent. These are only contracts or temporary work,", ito ang sabi ng isang tagapagsalita ni Binay. Hindi rin siya sang-ayon sa contractualization (Flores, 2016).


**Poe:** Naniniwala ang senador na hindi makatarungan ang contractualization. Sinabi niya na, "perpetual contractualization results in perpetual insecurity of tenure" (Torregoza, 2015).

**Santiago:** Kabilang sa mga plataporma nila ni Bongbong Marcos ang pagtatanggal ng contractualization. (Ranada, 2015)

# OUTH VOTE


ni Riel Gutierrez | sining nina Micah Rimando, Pie Tiausas, at Elaine Pesarit | lapat ni Micah Rimando

Ayon kay Comelec Chairman Bautista, ang kabataan ang siyang isa sa mga dahilan kung bakit nanalo si Presidente PNoy noong halalan 2010. Isiniwalat niya rin sa isang panayam sa ANC na sa darating na halalan, magiging importante ang papel ng kabataan. Ayon sa esdadistika at pag-aaral na ginawa ng Comelec, ang bilang ng kabataang botante na nasa edad 18-35, ay aabot sa hindi kukulanging 20 milyon. Dagdag pa niya, 'di umano, kung magkasundo ang 75 bahagdan ng mga kabataang botante sa pagboto ng iisang tumatakbo sa pambansang pwesto, maaari nitong maidikta at maipanalo ang nasabing kandidato.



Dahil sa nabatid na kapangyarihang taglay ng kabataan, mahalagang alamin ang mga isinasagawa ng mga pribadong organisasyon upang tuunan ng pansin ang sektor ng mga kabataan sa darating na eleksyon. Anu-ano ba ang ginagawa nila upang gawing mulat, malay at sangkot ang kabataan para sa darating na eleksyon?

Para rito, kinapanayam ng Matanglawin ang organisasyong Ateneo Task Force, na pinamumunuan ni G. Mawe Duque, upang malaman ang kanilang posisyon ukol sa konsepto ng Youth Vote at ang kanilang mga plano para sa darating na halalan. Sa aming panayam, nailahad ni G. Duque ang dalawang aspeto ng kanilang balak para sa kabataan, sa larangan ng "Youth Vote" sa darating na halalan: ang kabataang kumikilos at ang kabataang may alam. Sa aspeto ng pagpapakilos ng kabataan, nais ng Ateneo Task Force na bigyang boses ang kabataan, lalo na ang mga Atenista sa kanilang mga nais na marinig na mga isyung tutugunan ng mga tumatakbo sa darating na eleksyon. Inilungsad nila ang pagsasagawa ng modyul sa InTACT kung saan magagawang maipahayag ng mga estudyante ang mga isyung nais nilang matugunan ng mga tatakbo. Noong Abril, naganap ang isang buwang kampanya kung saan malayang maipahahayag ng kabataan kung sino ang napupusuan nilang iboboto para sa darating na halalan. Nagkaroon din ng Kuwentong Kabataan: Round Table Forum kung saan maaaring makipagtalastasan ang mga kabataang nabibilang sa iba't ibang sektor ng lipunan ukol sa mga problemang kinahaharap ng bansa at kung anu-ano ang nais nilang solusyon o paraan ng pagsagot sa mga problemang ito.



Sa larangan o aspeto ng pagbibigay kaalaman o impormasyon sa mga kabataan, marami ring pinlano ang Ateneo Task Force. Isinagawa nila, sa pakikipagtulungan sa Simbahang Lingkod ng Bayan, ang Senatorial Forum kung saan malalaman ng kabataang botante ang mga plataporma ng mga tumatakbong senador at kung papaano tutugunan ang isyu ng mga marhinalisado. Nakipagtulungan din ang Ateneo Task Force sa Sanggunian ng pamantasan upang magtulungan sa paglabas ng iba't ibang impormasyon at datos patungkol sa darating na halalan. Maglalabas din sila ng mga Infographics/Research Information Series kung saan masmadaling maipahahayag at maiabot ang datos ukol sa eleksyon at mga plataporma ng



mga tumatakbo sa kabataan sa pamamagitan ng malikhaing presentasyon, kaaya-aya sa paningin pero hindi madadaig sa pagiging hitik sa impormasyon. Mabuti at bukal man ang intensyon at pagnanais na tulungang magkaroon ng sapat na kaalaman ang kabataan, maaaring hindi pa rin maging epektibo ang mga hakbang na ito. Makikita sa social media ang pagiging aktibo ng kabataan sa pagpapahayag ng kanilang saloobin ukol sa mga nangyaring debate ng mga tumatakbo bilang presidente. Nakalilikha ng iba't ibang meme ang kabataan dahil sa mga talastasang ito. Aktibo, oo, pero sapat na ba ang ginagawa ng kabataan at mga sektor na katulad ng Ateneo Task Force? Sino ang makapagsasabai? Sadyang complex at maselan ang kabataan pagdating sa aspetong ito, lalo na sa pagboto. Paiba-iba ang kanilang nais, saloobin at ideya sa mga nangyayari sa bansa, mga isyu at mga personalidad o politiko. Dahil sa impluwensya ng social media, maraming impormasyon, na hindi laging tiyak kung tama o mali, ang naipapasok sa utak ng kabataan.

Marahil, ang lahat ng pagpupursigi na ginagawa ng mga pribadong sektor na katulad ng Ateneo Task Force ay makatutulong at makadadagdag sa panghihikayat sa kabataan na punan nila ang papel bilang mga magbibigay ng pagbabago dahil sila ang kinabukasan ng bansa. Ngunit kailangan ding tanggapin ang katotohanan na maselang usisain at pagtuunan ng pansin ang sektor ng mga kabataan dahil kahit na sila ay marami, iba't iba naman ang kanilang mga nais at mithiin. Maaari sigurong gumawa ng napakaraming paraan upang mapagbugkos ang kabataan upang maging iisa, ngunit hindi ito magiging tiyak. Ang maaaring tunay na maging sagot dito ay ang realidad at katotohanan na hinding hindi magiging buo o solid ang paninindigan ng kabataan bilang iisang sektor. Sino ang makapagtutuldok sa lahat ng ginagawa para sa kabataan at kung papaanong buhay sila sa social media para sa darating na halalan? Ang lahat ng pagsisikhay na matungungang maiahon ang bansa sa kanyang kinalalagyan ay nasa kamay ng lahat ng Pilipinong botante. Makikita natin ang produkto ng lahat ng pagod sa darating na eleksyon. Hanggang sa mangyari yaon, hinding-hindi magiging tiyak ang paninindigan at kapangyarihan ng kabataan bilang isang buo at nagkakaisang sektor.

# DINASTIYANG POLITIKAL, IPAGBAWAL:

## ANG PANGAKONG NAPAKO SA IKA-16 NA KONGRESO

ni Jan Fredrick Cruz | lapat ni Micah Rimando


NABIBIGYANG-DIIN ANG PANGANGAILANGAN PARA SA ISANG ANTI-DYNASTY LAW KUNG MAKIKITA ANG UGNAYAN NITO SA KALUNOS-LUNOS NA KALAGAYAN NG MGA INSTITUSYONG POLITIKAL SA BANSA.

"Hayaan na nating ang susunod na administrasyon ang tumalakay nito," ani Feliciano Belmonte, Jr., Ispiker ng Kamara, sa isang panayam sa radio DZBB noong ika-Setyempre ng nakaraang taon. Tinutukoy niya ang noo'y tinatalakay na Anti-Dynasty Bill sa Mababang Kapulungan. Ang panukalang batas na ito, kasama ng Freedom of Information Bill, ay inalis sa listahan ng priority measures ng ika-16 na Kongreso. Idinahilan ni Belmonte na ayaw niyang gumawa ng batas na "walang ngipin." "Inakala naming kaya naming isabatas ito ngunit ayaw naming mangahas magbotohan at pagtawanan lamang pagkatapos para sa isang Anti-Dynasty Law na walang katuturan," dagdag pa niya. Marahil nagtataka ang publiko kung tunay ngang "walang ngipin" ang naturang panukalang batas. Hinahayaan ng bersiyong pumasa sa House Committee on Suffrage and Electoral Reforms, na pinamagatang House Bill No. 3587, na tumakbo ang dalawang magkamag-anak nang sabay sa iisang eleksiyon. Kung tutuusin, isa na itong kompromiso, lalo na at ang talagang layon ng pagbabawal sa dinastiyang politikal ay pagpigil sa sabay-sabay na pagtakbo at pagkapanalo ng mga miyembro ng iisang pamilya. Magkagayon, sa pagtataya ng Asian Institute of Management Policy Center, ang kompromisadong batas na ito ay masasakop ang 516 dinastiyang politikal sa bansa. Bawat isa sa lampas limangdaang pamilyang ito ay may higit pa sa dalawang kamag-anak na kasalukuyang nakaluklok sa pwesto. Ipinapakita ng *Larawan 1* ang 60 na dinastiyang may pinakamaraming kamag-anak na halal sa lokal na pamahalaan.

Malinaw na kahit malayo sa ideyal na saklaw ang kasalukuyang bersiyon ng Anti-Dynasty Bill, epektibo pa rin ito sa pagsawata ng lokal na sitwasyong politikal kung saan may 23 Ampatuan o 10 Ecleo ang sabay-sabay at sunod-sunod na nanunungkulan sa puwesto.

Anti-Dynasty Law: Sang-ayon sa Konstitusyon

Ang pagbabawal sa pagkakaroon ng dinastiyang politikal, kung tutuusin, ay lumang tugtugin na. Noon pa lamang 1986, pinagdebatehan na ng mga lumikha ng kasalukuyang Saligang Batas kung dapat ba talagang ipagbawal ang pag-upo ng sunod-sunod at sabay-sabay ng mga magkakapamilya sa elektibong posisyon. Para sa ilang miyembro ng Komisyong Konstitusyonal na kritikal sa pagbabawal sa mga dinastiya, itinuturing nila ang panukala bilang paglimita sa demokratikong karapatan ng sinoman na makatakbo at kakayahan ng pinamumunuan na pumili ng mamumuno sa kanila. Para naman sa mga taga-suporta ng probisyon laban sa dinastiyang politikal, ang panukala ay para sa ganap na ikabubuti ng lahat, dahil na rin sa ang mga dinastiyang politikal ay pinagmumulan umano ng katiwalan, karahasan, at monopolisasyon ng kapangyarihang politikal. Dalawang mahahalagang probisyon sa 1987 Konstitusyon ang naging resulta ng diskursong ito. Una, ang Artikulo II, Seksiyon 26: "Dapat seguruhin ng Estado ang pantay na pag-uukol ng mga pagkakataon para sa lingkurang pambayan, at ipagbawal ang mga dinastiyang politikal ayon sa maaaring ipakahulugan ng batas." Malinaw sa mga katagang ito na katunggali ng isang demokratikong sistema ang patuloy na pag-iral ng mga dinastiyang politikal, at tuwirang ipinagbabawal ang pamumulitikang pang-angkan. Samantala, nakasaad naman sa Artikulo XIII, Seksiyon 1: "Dapat pag-ukulan ng Kongreso ng pinakamataas na prayoriti




*Larawan 1.* Ang 60 na Pangunahing Dinastiyang Politikal sa Bansa, Terminong 2013-2016. Sanggunian: Datos ng AIM Policy Center sa mga dinastiyang politikal (2013).

ang pagsasabatas ng mga hakbangin na mangangalaga at magpapatingkad sa karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa dignidad na pantao, magbabawas sa mga di pagkakapantay-pantay na panlipunan, pangkabuhayan at pampulitika, at papawi sa mga di pagkakapantay-pantay na pangkalinangan sa pamamagitan ng ekwitableng pagpapalaganap ng kayamanan at kapangyarihang pampulitika para sa kabutihan ng lahat." Sa nabanggit na pahayag makikita na ang pagsasabatas ng prohibisyon sa mga dinastiyang politikal ay hindi lamang isang pasya na maaaring ipagsawalang-kibo ng Batasan—mandato at pangunahing responsabilidad ito ng Kongreso. Maikling kasaysayan ng mga panukalang batas Kaya naman mula noong mapagtibay ang kasalukuyang Konstitusyon ng bansa, may sandosenang panukalang batas na rin ang naisumite sa parehong Mataas at Mababang Kapulungan ukol sa dinastiyang politikal. Una na rito ang bersiyon sa Senado ni Senador Teofisto Guingona, Jr. noong 1987. Sa taon ding iyon, nagsumite ng kaparehong bersiyon sa Karama si Kinatawan ng Laguna Magdaleno Palacol.

Kapuwa mahigpit ang regulasyon ng mga bersiyon nina Guingona at Palacol. Ipinagbabawal nito ang sunod-sunod at sabay-sabay na kandidatura ng magkakamag-anak para sa kahit anomang lokal na posisyon. Ipinagbabawal din ng panukala na tumakbo ang sinoman na may kamag-anak na kasalukuyang may posisyon sa pambansang gobyerno (pangulo, ikalawang pangulo, at senador). Itinuturing na magkakapamilya ang sinuman na may ugnayan hanggang ikaapat na digri na kadugo (consanguinity) o kamag-anak sa kasal (affinity). Sa madaling sabi, saklaw ng prohibisyon ang magulang at anak ng isang politiko (unang digri ng consanguinity); ang kaniyang asawa (unang digri ng affinity); kapatid, lolo't lola at mga apo (ikalawang digri ng consanguinity); parents- and children-in-law (ikalawang digri ng affinity); tiyuhi, tiyahin, at pamangkin (ikatlong digri ng consanguinity); brothers- and

| Mga posisyon na saklaw ng prohibisyon | Senate Bill No. 82 1987 | House Bill No. 90 1992 | House Bill No. 13867 [4] 1994 | Senate Bill No. 599 1995 | Senate Bill No. 1317 2004 | House Bill No. 3335 2004 | Senate Bill No. 1468 2007 | House Bill No. 2493 2007 | House Bill No. 783 2007 | House Bill No. 3413 2010 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pangulo | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | | ✓× | ✓× | ✓× | | ✓× |
| Ikalawang Pangulo | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | | ✓× | ✓× | ✓× | | ✓× |
| Senador | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | | ✓× | ✓× | ✓× | | ✓× |
| Kinatawan ng Distrito | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | × | ✓× |
| Kinatawan ng Party-list | Hindi pa nabubuo ang posisyon | Hindi pa nabubuo ang posisyon | Hindi pa nabubuo ang posisyon | ✓ | | ✓× | ✓× | ✓× | | ✓× |
| Gubernador | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | × | ✓× |
| Bise Gubernador | | ✓× | ✓× | | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | × | ✓× |
| Bokal | | | ✓× | | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | | ✓× |
| Alkalde | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | × | ✓× |
| Ikalawang Alkalde | | | ✓× | | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | × | ✓× |
| Konsehal | | | ✓× | | ✓× | ✓× | ✓× | ✓× | | ✓× |
| Punong Barangay | | | | | ✓× | | | | | |
| Sangguniang Barangay | | | | | ✓× | | | | | |

*Talahanayan 2*. Iba't Ibang Bersiyon ng Anti-Dynasty Bill sa Kongreso, 1987-2013

Paalala: Ang tsek ay nangangahulugan na bawal ang SUNOD-SUNOD na pagtakbo ng magkakamag-anak para sa posisyon. Ang ibig sabihin ng ekis ay bawal tumakbo para sa posisyong nabanggit ang isang indibidwal na may KASABAY na kamag-anak na tumatakbo para sa ibang puwesto.
Sanggunian: House of Representatives' Legislative Archives at Senate's Legislative Records and Archives Service.

na digri ng consanguinity); at aunts- and uncles-in-law, first cousins-in-law, and nieces- and nephews-in-law (ikaapat na digri ng consanguinity).

Pumasa ang panukalang batas ni Guingona sa Senado, na may 16 na botong pabor, 4 na di-sang-ayon, at isang abstained. Samantala, hindi lumampas sa nibel ng komite ang House Bill ni Palacol.

Muling nabuhay ang mga panawagang ipagbawal ang dinastiyang politikal noong dekada 90, sa ilalim ng administrasyong Ramos. Bahagi ito ng tinaguriang "limang batas" para sa repormang elektoral na isinulong ng iba't ibang non-government organizations at people's organzations noon: (1) absentee voting para sa mga Overseas Filipino Workers, (2) party-list representation para sa mga marhinalisadong sektor, (3) continuing registration, (4) limitasyon sa gastos sa pangangampanya, at (5) prohibisyon sa dinastiyang politikal. (Sa limang ito, tanging ang huli ang hindi pinalad na maging batas.)

Naging bahagi rin ang Anti-Dynasty Bill sa mga rekisito para sa usaping pangkapayapaan sa pagitan ng gobyerno at Reform the Armed Forces Movement, at sa negosasyon sa pagitan ng pamahalaan at Moro National Liberation Front. Ayon sa ulat na inilathala ng National Unificiation Commission noong 1993, itinuturing ang pamamayagpag ng mga dinastiyang politikal sa bawat lalawigan bilang pangunahing banta sa "peace process."

Hindi napag-ukulan ng pansin

| House Bill No. 6660 | Senate Bill No. 1906 | Senate Bill No. 55; Senate Bill No. 1580 | House Bill No. 3587 [6] |
|---|---|---|---|
| 2012 | 2013 | 2013 | 2013 |
| ✓× | ✓× | ✓× | ✓× |
| ✓× | ✓× | ✓× | ✓× |
| ✓× | ✓× | ✓× | ✓× |
| ✓× | ✓× | ✓× | ✓× |
| ✓× | ✓× | ✓× | ✓× |
| ✓× | ✓× | ✓× | ✓× |
| ✓× | ✓× | ✓× | ✓× |
| ✓× | ✓× | ✓× | ✓× |
| ✓× | ✓× | ✓× | ✓× |
| ✓× | ✓× | ✓× | ✓× |
| ✓× | ✓× | ✓× | ✓× |
| | | | |
| | | | |

ang repormang ito sa ilalim ng administrasyong Estrada, dahil na rin sa

ang priyoridad ng nasa gobyerno noon ay maresolba ang iba't ibang krisis politikal na humantong kinalaunan sa tinaguriang Edsa Dos noong 2001. May mga iba't ibang bersiyon naman ng Anti-Dynasty Bill ang naisumite sa Kongreso sa panguluhan ni dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo, ngunit hindi umusad ang mga ito dahil walang basbas mula sa Palasyo. Ipinapakita ng *Talahanayan 2 at 3* ang ebolusyon ng iba't ibang Anti-Dynasty Bills na naipasa sa Batasan.

## BITIN NA PANGAKO NG IKA-16 NA KONGRESO


Pagkakataon na sana ng ika-16 na Kongreso na mag-ambag sa kasaysayan sa pamamagitan ng pagbasa ng isang napakahalagang batas tulad ng Anti-Dynasty Law. Dalawang rason ang maaaring banggitin kung bakit nagkaroon ng pag-asang maisabatas ang repormang ito sa kasalukuyang administrasyon. Una, umabot sa plenaryo ng Kamara de Representantes ang panukalang batas matapos iendorso ito ng House Committee on Suffrage and Electoral Reforms noong Mayo ng 2014. Ito ang kauna-unahang pagkakataon na ang isang Anti-Dynasty Bill ay naging bukas para sa debate at botohan sa Mababang Kapulungan. Ikalawa, mismong ang Pangulo na ang nagbigay ng pag-apruba sa liderato ng Senado at Batasan na isabatas na ang Anti-Dynasty Bill." Sa kaniyang huling State of the Nation Address, sinabi ni Pangulong Benigno Simeon Aquino III na "panahon na para ipasa ang isang Anti-Dynasty Law." Ipinahayag ng pangulo ang kagyat na pangangailangan sa pagpasa ng isang batas na kokontrol sa mga political dynasty sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa kaniyang layunin para sa mabuting pamamahala: "May mali rin sa pagbibigay ng pagkakataong habambuhay na magpakasasa sa kapangyarihan ang isang tiwaling pamilya o indibidwal." Ito ang kauna-unahang pagkakataon na kinonenda ng isang nakaupong Pangulo ang dinastiyang politikal sa kaniyang State of the Nation Address.

Batay na rin sa datos ng AIM Policy Center, makikita na posibleng makalikom ng sapat na boto sa Karama upang isabatas ang Anti-Dynasty Law. Sa pagtatayang ito, isinama sa posibleng "yes vote" ang mga kongresistang hindi dinastiyang politikal, mga kongresistang sinundan ang isang kamag-anak sa puwesto, at mga kongresistang may isa pang kamag-anak na kasalukuyang nakaupo sa pwesto. (Tandaan na pinahihintulutan ng House Bill No. 3587.) Samantala, kabilang sa mga "no vote" ang mga kongresistang may dalawa o higit pang kamag-anak na kasalukuyang halal na opisyal. Nasa Larawan 2 ang pagtataya ng mga posibleng sang-ayon at di-sang-ayon sa panukalang prohibisyon.

Mapapansin sa pagtataya na pito sa kada sampung mamababatas ang maaaring sumuporta sa pagpasa ng prohibisyon sa mga dinastiyang politikal. Sa kabuuan, may 208 na mambabatas na maaaring bumoto ng "oo" para sa panukalang batas. Ang grupong ito ang bumubuo sa 72.16% ng koalisyong pinamumunuan ng Partido Liberal sa Kamara, at 68.57% ng mga kongresistang miyembro ng minorya. Tandaan na kailangan lamang ng 146 boto para maipasa sa Mababang Kapulungan ang Anti-Dynasty Law. Isinisiwalat ng pagtatayang ito na malaking aksaya ng pagkakataon ang ginawa ng pamunuan ng Kamara na hindi buksan ang Anti-Dynasty Bill sa debateng pangplenaryo. Kung may tinatawag lamang na "political will" si Ispiker Belmonte at kaniyang mga kaalyado, naisabatas na sana ang Anti-Dynasty Bill at nabawasan kahit papaano ang angkanang pamumuno sa mga lalawigan ng bansa.


## PARA SAAN NGA BA ANG ANTI-DYNASTY LAW?

Nabibigyang-diin ang pangangailangan para sa isang Anti-Dynasty Law kung makikita ang ugnayan nito sa kalunos-lunos na kalagayan ng mga institusyong politikal sa bansa. Halimbawa na lamang, maaaring maikabit ang kawalan ng maayos na partido politikal sa pamamayagpag ng mga dinastiyang politikal. Sa ideyal na sitwasyon, ang isang partido politikal ang nagsasalin ng mga hinaing at daing ng partikular na sector ng lipunan sa isang set ng plataporma na isusulong ng mga kandidatong miyembro ng partido. Hindi ito ang kaso sa Filipinas, kung saan nakahaharang ang laging paglipat-lipat ng mga politiko sa mga partido sa pagbuo ng matinong plataporma. Sa isang pag-aaral ng AIM Policy Center noong 2014 ukol sa mga mambabatas na maituturing na "balimbing" o nagpapalit-palit ng partido, makikita na pataas nang pataas ang bahagdan ng mga dinastiyang politikal sa mga balimbing. Sa mga nanungkulan bilang konggresista noong 2004 hanggang 2007, halimbawa, wala pa sa kalahati ng mga palipat-lipat ng partido





*Larawan 3.* Bahagdan ng mga Dinastiko at Di-Dinastikong Mambabatas sa Kamara, 2004-2013.

**Paalala: Tinutukoy ng "Thin dynasty" ang mga kongresista na sinundan ang isang kamag-anak sa pagiging mambabatas. Tinutukoy ng "Fat dynasty" ang mgakongresista na may isa pang kamag-anak na kasabay nahalal sa ibang puwesto. Ang mga "Non-Dynasty" ay mga mambabatas na hindi miyembro ng isang dinatiya.**





*Larawan 6.*Rehistradong Botante at Bilang ng Mahihirap sa mga Probinsiyang Pinamumunuan ng mga Dinastikong Politiko
Sanggunian: Datos ng COMELEC (2010) at Philippine Statistics Authority (2012).

**Paalala: Ang isang lalawigan ay ibinilang bilang pinamumunuan ng mga dinastiyang politikal kung ang gobernador, bise-gobernador, at lahat ng district representative nito ay miyembro ng dinastiyang politikal.**




*Larawan 4.* Magkano Kaya ang Ginastos ng Ilang Dinastiyang Politikal noong Eleksiyon 2013?

Sanggunian: Komputasyon ng AIM Policy Center batay sa mga datos galing sa La Viña and Aceron (2015), Pera't Politika (2008), and Buenza (2015).




*Larawan 5.* Election Hotspots sa Nakalipas na Tatlong Eleksiyon (2007, 2010, 2013).
Sanggunian: Datos ng Department of Interior and Local Government.

**Paalala: Tinutukoy ng y-axis ang bahagdan ng mga dinastikong politiko sa lahat ng halal na opisyal ng isang lalawigan. Pula ang palatandaan ng mga probinsiya na laging idinedeklarang election hotspot sa nakalipas na tatlong eleksiyon. Kahel ang palatandaan ng mga probinsiya na idenaklarang election hotspot dalawang beses sa nagdaang tatlong eleksiyon. Dilaw ang palatandaan ng mga probinsiya na idineklarang election hotspot minsan sa nagdaang tatlong eleksiyon.**

| Panukalang Batas | Senate Bill No. 82 | House Bill No. 90 | House Bill No. 13867 | Senate Bill No. 599 | Senate Bill No. 1317 | House Bill No. 3335 | Senate Bill No. 1468 | House Bill No. 2493 | House Bill No. 783 | House Bill No 3413 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Taon | 1987 | 1992 | 1994 | 1995 | 2004 | 2004 | 2007 | 2007 | 2007 | 2010 |
| Consanguinity--1st degree | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Consanguinity--2nd degree | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Consanguinity--3rd degree | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | | | | |
| Consanguinity--4th degree | ✓ | ✓ | | | | | | | | |
| Affinity--1st degree | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Affinity--2nd degree | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Affinity--3rd degree | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | | | | |
| Affinity--4th degree | ✓ | ✓ | | | | | | | | |

Sanggunian: House of Representatives' Legislative Archives at Senate's Legislative Records and Archives Service.

*Talahanayan 3.* Uri ng Ugnayang Pampamilya na Saklaw ng Iba't Ibang Bersiyon ng Anti-Dynasty Bill, 1987-2013

ang maituturing na kasapi ng dinastiyang politikal. Magkagayon, pagdating sa mga kasalukuyang kongresista, o ang mga mambabatas na manunungkulan mula 2013 hanggang 2016, halos nasa 80% na ng mga balimbing ang dinastikong politiko. (Tingnan ang Larawan 3.) Nag-iiwan ito ng isang malaking hamon para sa mga nagsusulong ng totoong partido political sa Filipinas: Paano maisasakatuparan ang repormang ito kung ang mga nasa poder—kung saan dinastiyang political ang karamihan—ay nakikinabang na sa walang patid na rigodon ng party membership sa kasalukuyan?

Manapa, nangangahulugan ang kawalan ng maayos na sistema ng partido na ang kampanya ay madalas sariling gastos ng isang kandidato sa halip na pinondohan mula sa kontribusyon ng mga miyembro ng partido politikal. Maraming mga pagsasaliksik na ang nakapagpapakita na sadyang magastos ang tumakbo para sa isang pwesto sa gobyerno, at ang mga batas ukol sa paggastos sa kampanya ay kadalasang hindi sinusunod. Halimbawa na lamang, tinatayang nasa PHP-4-milyon ang kailangang gastusin ng isang kandidato upang Manalo na konsehal, at PHP-60-milyon naman para manalong alkalde sa isang bayan na may populasyon na 250,000. Kung ganito kalaki ang presyo ng pagtakbo para isang matagumpay na kampanya, paano pa kaya ang sunod-sunod at sabay-sabay na pagtakbo para sa iba't ibang puwesto? Ipinapakita ng Larawan 4 ang tantiyang gastos ng piling dinastiyang politikal noong nakaraang eleksiyon. Makikitang naglalaro ang kabuuang gastos ng mga pamilyang ito sa PHP-20-milyon hanggang PHP-700-milyon, depende na rin sa dami ng posisyon na kanilang tinakbuhan.

Mahalagang tukuyin ang nibel ng paggasta ng mga dinastiyang politikal upang mapanatili ang kanilang mga sarili sa puwesto, lalo na kung ihahambing ang gastos nila sa kanilang aktuwal na sahod bilang opisyales ng gobyerno. Pahiwatig na ito na may ibang motibasyon bukod sa interes ng publiko na siyang nagtutulak sa mga pamilyang ito na kontrolin ang ilang munisipyo o probinsiya bilang mga halal na kawani ng pamahalaan. Ang kakayahan din ng mga dinastiyang politikal na makalikom ng halos milyong pisong pondo para sa pagtakbo ay nagpapakita ng kanilang kapasidad na talunin ang mga alternatibong kandidato o mga politikong hindi galing sa sikat na pamilya tuwing eleksiyon. Hindi na nakapagtataka, kung gayon, kung bakit bawat isa sa 81 na lalawigan sa Filipinas ay may namamayagpag na dinastiyang politikal. Sa ibang lalawigan, walang kalaban ang halos lahat ng mga kandidatong tumakbo sa nagdaang eleksiyon. Ganito ang kaso sa Apayao, kung saan 56% ng halal na opisyal ay dinastiko. Sa ibang kaso naman, madalas nauuwi sa patayan o karahasan ang pamamayagpag ng mga dinastiyang politikal. Ganito ang ipinahihiwatig ng Larawan 5. Mapupuna na madalas idinedeklara ng Philippine National Police na election hotspot ang mga lalawigan na may pinakaraming dinastiyang politikal.

**PAANO NA SA 2016?**

| House Bill No. 6660 2012 | Senate Bill No. 1906 2013 | Senate Bill No. 55; Senate Bill No. 1580 2013 | House Bill No. 3587 2013 |
|---|---|---|---|
| ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| | | | |
| | | | |
| ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| | | | |
| | | | |

Kung walang kompetisyon na nagaganap para sa mga puwesto sa lokal na pamahalaan, walang insentiba ang isang miyembro ng dinastiyang politikal na unahin ang kabutihang pampubliko kaysa pampamilyang interes. Nagkakaroon ng institusyonalisasyon ang ganitong sitwasyon habang tumatagal ang kapit ng isang pamilya sa kapangyarihan, gamit ang kanilang bentahe sa pangalan at pera upang makalikom ng sunod-sunod na pagkapanalo tuwing halalan. Ang mga mahahalagang reporma na nag-aalis ng diskresyon ng mga pinuno sa paggastos sa pera ng sambayanan, tulad ng Freedom of Information Law, o nagbabaklas ng ugnayang patron-client, tulad ng Party Development Act, ay madaling nasusupil hanggang patuloy na nanunungkulan ang mga kamag-anak ng mga dinastiyang ito.

Malaking hamon na makabuo ng “reform constituencies” o mga pamayanang makapagsusulong ng makabuluhang pagbabago kung ang namumuno sa kanila ay pawang kasapi ng mga sikat na angkang politikal. Ganito ang kaso ng humigit-kumulang 11.36 milyong botante sa mga probinsiyang dinastiko ang lahat sa kasalukuyang gobernador, bise-gobernador, at kinatawan sa Kongreso. (Tingnan ang Larawan 6.) Sa mga probinsiyang ito, may kabuuang 6.9 milyong mahihirap na Filipino ang naninirahan din. Maitatawag pa bang demokrasya ang isang lipunan kung saan ang buhay at kabuhayan ng kay raming mamamayan ay nasa kamay ng iilang pamilya? Nasaan ang pagkakapantay-pantay sa kapangyarihan kung may mga namumukod-tanging angkan na itinalaga na ang kanilang sarili bilang pinuno ng ating bayan magpakailanman?

Kung mayroon mang positibong abot-tanaw na maaari pa ring panghawakan sa kabila ng katatapos lamang na usapan, ito ay ang pangako ng Anti-Dynasty Law sa susunod na administrasyon. Tatlo sa tumatakbong kandidato sa pagka-Pangulo ngayong 2016 ang nagpahayag ng kanilang suporta sa pagbabawal sa pag-iral ng dinastiyang politikal. Sana naman, sa kanilang pagkapanalo, ang hindi pangko ay hindi manatiling pangako lamang.

*Si G. Jan Fredrick Cruz ay kasalukuyang guro sa Kagawaran ng Ekonomiks. Ang kaniyang mga pahayag dito ay kaniya lamang at hindi kumakatawan sa opisyal na tindig ng kaniyang institusyon.* m

# WALANG MGA PARTIDO MAPANGANIB ITO

ni Hansley Juliano | lapat ni Khalil Redoble

Pinakiusapan ako ng Matanglawin na isulat ang piyesang ito sa gitna ng patuloy na kabiguan ng Sanggunian ng mga Mag-aaral na makabuo ng bagong uri ng pamahalaan. Patuloy pa ring nilalangaw ang mga halalan sa Pamantasan sa loob nakaraang limang taon—mula noong ako'y nakapagtapos sa pag-aaral noong 2011. Pumasok sa isip ko kung papaanong katulad na katulad ang sitwasyong ito ng elektoral at institusyonal na krisis sa Pilipinas. Maisasalarawan ito sa isang simpleng pangungusap.

**"WALANG PARTIDO POLITIKAL SA PILIPINAS."**

Maaari mong ituring bilang a) pagsasalarawan ng isang debate o b) patawang biro ang pangungusap na ito. Depende siguro iyan sa kung sinong mag-aaral o manunulat tungkol sa politika ang iyong kinakausap. Ilang ulit na itong sinikap bigyang-linaw ng mga mananaliksik at propesor sa agham panlipunan. Mayroon ding mga pagsusumikap na magbuo ng mga seryosong partido politikal sa bansa mula noong maitatag ang pamahalaan ni Corazon Aquino pagkatapos ng unang Himagsikang EDSA noong 1986. Sa dami na rin ng mga nagsusulputang organisasyong sektoral at kilusang masa, dumarami na rin ang mga maliliit na partidong nagsusumikap magpakilala na sila ang mga tunay at progresibong partidong mayroon sa Pilipinas—higit na tunay kaysa sa mga naunang partidong Liberal, Nacionalista, Lakas o kaya Nationalist People's Coalition (NPC), lalo at sila'y pinamumunuan ng mga tinatawag na "trapong" politiko.

Magkagayunman, may katotohanan pa ring sabihin na sa kasalukuyan, walang malakas at matibay na mga partidong elektoral sa Pilipinas. Bunga diumano ito, ayon sa iskolar na si Yuko Kasuya, ng tinatawag na "presidential bandwagon". Namimili lamang diumano ang ating mga mambabatas ng partidong aaniban batay sa a) kung sino ang pinakamalakas na kandidato sa pagkapangulo sa kasalukuyan, at b) sa kung kaya ba ng pangulong ito na proteksyunan ang interes ng mga pamilya at organisasyong hinahawakan ng mga mambabatas na ito. Dala nito, walang buti ang maging tapat sa isang partido para sa isang mambabatas—kung hindi naman ang partido ang magkakandili sa kanya, kundi ang pangulong sinusunod nito.

Hindi naiiba ang kilos ng iba sa ating mga politiko—kung pagbabatayan ang kanilang mga ginagawa—sa paparating na halalan sa panguluhan ngayong 2016. Sa kasalukuyan, wala pa ring tigas ng paninindigan at kakayahang mang-impluwensya ang maraming partido politikal. Naninikluhod pa rin sila (maski na ang mga nagpapakilalang progresibo at makakaliwa) sa mga kandidato sa pagka-pangulo at pangalawang-pangulo. Hindi rin naman nagbago ang latag ng ating politika sa kasalukuyan upang bigyang-lakas ang mga partido at ang mga mambabatas.

Nakakatawa't nakakairita, kung tutuusin—lalo at nagkaroon ng napakaraming pagkakataon at oportunidad ang mga mambabatas at partido politikal na makipanig sa mga mamamayan at iba-ibang sektor na dumaraing sa mga polisiya ng panguluhan ni Benigno "Noynoy" Aquino III. Napipi ang mga mambabatas sa pagtatanong at pagdisiplina sa sangay ng tagapagpaganap/ehekutibo sa mga kabiguan nitong


1.)suhayan ang mga napahamak sa kalamidad sa Bohol, Leyte at Samar;

2.)ang patuloy na pagdaing ng mga magbubukid at katutubo sa buong bansa (Bulacan, Nueva Ecija, Aurora, Davao del Sur, Bukidnon, Surigao del Sur at iba pa);


3.)bigyang-katarungan ang pagkamatay ng mga tao sa Maguindanao, Valenzuela at Hilagang Cotabato; at

4.)pati na sa patuloy na pamamayagpag ng katiwalian at pagbubulsa ng salapi ng bayan—palibhasa'y kasabuwat din sila sa mga ito.

Hindi tuloy ngayon marahil kataka-taka na sa kasalukuyang latag ng mga alyansang elektoral, ang batayan pa rin ay ang mga kandidato sa pagkapangulo. Kung titignan ang kilos ng mga partido, hindi sila ang nagpapagalaw sa mga kandidato. Sila ang pinapagalaw ng mga kandidato—sapagka't mas nakikinig ang mga mamamayan sa iisang tao kaysa sa isang kabal ng mga taong hindi nila lubusang kilala.




Batay sa Isinulat ni Paige Tan (isang iskolar mula sa University of North Carolina Wilmington) noong 2013, maaaring maging positibo ang bunga ng kawalan ng tiwala sa mga partido kung pinipilit nito ang mga partido na magbagong-anyo at tumugon sa mga dinaraing ng mga sektor. Ito rin marahil ang dahilan ng paglago ng mga sektoral na organisasyon at ng mga partidong sinusuhayan nila, katulad ng mga partidong nakapailalim sa koalisyong Makabayan (tulad ng Bayan Muna, Alliance of Concerned Teachers at Gabriela). Sinikap na diumano ng Partido Liberal ni Pangulong Aquino na gawing mas nakabatay sa sektor (partikular ng kabataan at mga empleyado ng pamahalaan) ang kanilang mga kilos, ayon sa aklat ni Agustin Rodriguez na Governing the Other (2009)—at na-




**gents in the Philippines, 2016 Elections**

kita natin ang bunga nito sa tila pagpapasensya ng mga tao sa pamamahala ni Aquino kahit pumapalpak ang kanyang mga tauhan.

Gayunman, nagbababala na si Tan na kung hindi matutugunang mainam ng mga partido politikal (at ng kanilang mga kinatawan) ang kawalan ng tiwala ng tao sa mga partido (at mga matatagal nang politiko sa kalahatan), "this could lead potentially to more explosive problems in the future as demands for change exist, and the system is unable or unwilling to respond to them" (posibleng pumutok ang mga mas malalang suliranin sa hinaharap, lalo at dumarami ang panawagan sa pagbabago nguni't hindi kaya o walang interes ang sistema na tumugon sa mga ito).

Kung titignan ang walang-wawang bangayan ng mga tagasuporta ngayon ng mga kandidatong sina Manuel "Mar" Roxas II, Jejomar Binay, Rodrigo Duterte, Grace Poe-Llamanzares at Miriam Defensor-Santiago, siguro nasa gitna na tayo ng unos na binabala ni Tan. Nagdadalawang-isip na ang sambayanan sa paraan ng politika at halalan na ating minana at itinayo mula noong 1986. Anuman ang kalabasan ng halalang ito, tiyak na marami ang masasapanganib at posibleng may mga pagbabagong hindi na mababalikwas sa ating lipunan. Kung gaano ito kabuti o kasama ay makikita natin sa loob ng dalawang buwan.

*Nagsisilbing guro si Hansley Juliano sa Kagawaran ng Agham Pampolitika ng Pamantasang Ateneo de Manila. Mananaliksik din siya ng Sentro ng mga Nagkakaisa at Progresibong Manggagawa (SENTRO).*

# KANINONG PAG-UNLAD?
## ISANG PAGBABALIK SA CASIGURAN

ni Ray Santiago | mga kuha ni Ray John Santiago | lapat ni Khalil Redoble

Kamusta na ang isyu ng APECO matapos ang tatlong taon?

Tatlong taon na ang nakalipas mula noong nagmartsa ang mga mamamayan ng Casiguran bilang pag-alma sa pagsasabatas ng Aurora Pacific Economic Zone, mas kilala bilang APECO.

Tatlong taon na ang nakalipas matapos ang makasaysayan at mainit na pagtanggap ng Paaralang Loyola sa mga katutubo, magsasaka, at mga mangingisdang kinailangan pang maglakad nang mahigit kumulang 370 kilometro upang iparining ang kanilang mga daing at hinanakit sa ating pangulo.

Noong araw na iyon, nag-alab ang ating mga damdamin at nangako tayong tutulungan ang mga mamamayan ng Casiguran sa kanilang paglaban.

Tatlong taon na ang nakalipas. Kumusta na ba ang mga mamamayan ng Casiguran? Kumusta na ang pagkilos laban sa APECO?

### BAGYONG LANDO

Oktubre noong nakaraang taon nang tamaan ng bagyong Lando ang Aurora. Sa lakas ng bagyo, ilang araw ring hindi makarinig ng balita mula sa Casiguran.

100 percent damage – ito ang balitang umabot sa Maynila matapos manumbalik ang ilang moda ng komunikasyon at makaabot sa Casiguran ang response team.

Matagal din ang lumipas bago nanumbalik ang komunikasyon sa bayan ng Dinalugan at Dilasag. Ayon sa Simbahang Lingkod ng Bayan (SLB), halos anim na libong pamilya at halos tatlumpung libong tao ang naapektuhan ng bagyong Lando. Halos limang libong kabahayan naman ang nasira at nawasak.

Lubhang naapektuhan at nasalanta rin ang kanilang kabuhayan. Nasira ang mga daanan at nagtumbahan ang mga poste ng kuryente. Nasira rin ang mga bangka at lambat na ginagamit upang mangisda. Binaha ang ilang palayan, at ang mga puno ng niyog na sana'y malapit nang anihin, ay nasira.

Ayun kay Jun Bernado, isang magsasaka sa Casiguran, sa pinsalang inabot ng mga puno ng niyog, bibilang muli ng tatlo hanggang limang taon bago muling mamunga ang mga puno ng niyog. Ang ilang puno ng niyog na hindi na kaya pang maghilom at gumaling ay ipinaputol na lamang at ginawang coco lumber.

Malaki ang pinsalang naidulot ng Bagyong Lando – at hindi pa halos nakababawi ang bayan ng Casiguran mula sa pinsala ng bagyong Labuyo noong 2013.

### APECO

Layunin ng Aurora Pacific Economic Zone (R.A. 10083, ang batas na nagpapahintulot sa APECO), binuo ng dating senador na si Edgardo Angara, na gawin economic hub ang naturang lugar gamit ang likas nitong yaman. Halos labing-tatlong libong ektarya ng lupa ang sakop ng proyektong ito.

Nakasaad sa proyekto ang pagtatayo ng mga daungan, paliparan at mga hotel bilang mga impraestrukturang hahatak pataas sa produksyon at ekonomiya ng lugar.

Pinipilit ipitin ang proyektong ito dahil sa kakulangan nito sa pananaliksik (feasibility studies), paghingi ng permiso mula sa mga mamamayan ng Casiguran at hindi maayos na paggamit ng pondong inilaan para sa proyekto. Ayon sa mga mamamayan ng Casiguran, bago simulan ang proyekto ay hindi sila naabisuhan ng mga kinauukulan ng proyekto.

### KASALUKUYAN

Kasabay ng pagsalanta ng bagyong Lando ang pagdating ng mga katanungan ukol sa realidad ng pagtatayo ng isang economic hub sa Casiguran. Akma bang pagtayuan ng APECO ang Casiguran?

Ayon sa Simbahang Lingkod Bayan (SLB), hindi akma ang panahon sa lugar upang pagtayuan ng nasabing proyekto. Dahil na rin siguro sa kawalan ng maayos na pananaliksik, hindi naaninag ng mga namumuno sa APECO na madalas tamaan ng bagyo ang lugar.

Katunayan, hindi lamang mga kabahayan at kabuhayan ng mga taga-Casiguran ang nasalanta ng bagyo. Ang mga impraestrukturang ipinatayo sa ilalim ng APECO ay napinsala rin. Hindi lamang ito ang unang pagkakataon na napinsala ang proyekto ng APECO dahil sa bagyo. Noong Labuyo, ilang impraestruktura na rin ang nasira dahil sa lakas ng hangin at ulan.

Isa sa mga nasalanta ng bagyong Lando ang proyektong pabahay ng APECO, ang Nayong Kalikasan. Kasalukuyang itinatayo ang Nayong Kalikasan sa Barangay Esteves na ayon sa APECO ay maari nang ipamahagi. Humigit kumulang P100 milyon ang ginastos ng APECO para sa pabahay na ito.

Ayon sa pinuno't magsasaka na si Edwin Garcia, hindi na nakakagulat ang pagkasira ng mga bahay sa Nayong Kalikasan. Maliban sa kawalan ng maayos ng pananaliksik (ipinapatayo ang proyekto sa lupang dating sakahan), hindi de-kalidad ang mga materyales na ginamit sa pagbuo ng pabahay. Hindi rin libre ang pabahay sapagkat kailangan pa itong hulugan.

### AKSAYA SA PERA

Simula 2010 hanggang 2014, mayroong kakulangan sa mga papeles na ipinapakita ng APECO sa COA. Ilan sa mga papeles na ito ang listahan at resibo ng mga nagagastos ng APECO.

Hindi lamang iyon. Ayon kay Fr. Joefran Talaban, isang pari at isang tagapangasiwa ng ATFAA sa Casiguran, "ang kawalan ng katatagan ng pamumuno sa APECO ay isa lamang sa mga rason kung bakit palpak ang economic zone."



Simula noong 2007, mahigit anim na ang naging pinuno ng proyektong APECO. Nitong Disyembre lamang ng nakaraang taon, nagbitiw ang kasalukuyag CEO ng APECO na si atty. Gerardo Erguiza.

Ayon kay Fr. Xavier Alpasa, SJ, ang tagapagsalita ng TFAA, nakadadagdag ang hindi matibay na pamumuno at kawalan ng pananaliksik sa pagaaksaya ng ng pera at hindi maayos na pagpapatupad ng mga proyekto.

Noong Setyembre ng nakaraang taon, umamin si Atty. Erguiza sa isang pagdinig sa Senado na wala pang pisikal na lumilipat na investors sa APECO.

## CEASE AND DESIST

Noong ika-7 ng Oktubre noong nakaraang taon, nakatanggap ng cease and desist order (CDO) ang APECO mula sa Department of Agrarian Reform. Ayon sa DAR, hindi maari ang anumang pagbabago sa kapiraso ng lupa nang walang pahintulot galing sa kanila, lalo na kung ang lupang pinag-uusapan ay isang lupang sakahan.

Ang kasalukuyang proyektong bahay ng APECO (Nayong Kalikasan) ay itinatayo sa isang "prime, irrigated agricultural land". Ayon sa DAR, walang pahintulot ang pagtatayong isinasagawa ng APECO.

Ngunit patuloy paring tinatabunan ang mga lupang sakahan at ang pagtatayo ng pabahay. Kahit na inabisuhan na ng DAR ang namumuno ng APECO na ipatigil ang isinasagawang proyektong pabahay, nitong ika 15 ng Marso lamang ay pumasok na sa phase 2 ang Nayong Kalikasan. Ayon sa mga mamamayan ng Barangay Esteves kung saan itinatayo ang pabahay, naapektuhan ng naturang proyekto ang kabuhayan ng mga magsasaka roon.

Ayon kay Elmer Gonzales, pangulo ng Bicolano Ilocano Casiguran Farmers Association, anim na pamilya, lupang sakahan at mga puno ng niyog ang nanganganib dahil sa pagpapatuloy ng Nayong Kalikasan.

Ayon kay Atty. Christian Monsod, volunteer lawyer ng Task Force Anti-APECO, hindi naayon sa ating konstitusyon ang ang R.A. 10083, ang nagsasabatas ng APECO. Ayon kay Enrico La Viña, mananaliksik at campaign officer ng Simbahang Lingkod Bayan at Task-Force Anti-APECO, isa sa dahilan kung bakit malakas ang loob ng pamunuan ng APECO na hindi sundin ang CDO order mula sa DAR. Aniya, ang APECO daw ay nabigyan ng kapangyarihan upang baguhin ang lupang sakahan sa isang lupang pambahay, basta't ito'y nasa loob ng pamamalakad ng APECO. Ayon kay Monsod, ang ganitong klase ng kapangyarihan ang nagbibigay sa APECO ng kakaibang lakas na maaaring mauwi sa kapangyarihan na tulad sa mga dinastiyang politikal.

Nariyan ang R.A. 10083 na nagsabatas ng APECO at nagsasabing mayroong kapangyarihan ang mga namumuno nito na baguhin ang lupa at ang kagamitan nito. Sa kabilang banda, nariyan naman ang DAR na sinasabing ang isang prime agricultural lot ay hindi maaring galawin nang walang permiso. Kapansin-pansin ang tunggalian ng dalawang batas. *

Hindi lamang ang CDO ng DAR ang nababangga ng APECO. Nariyan din ang Indigenous Peoples Rights Act o IPRA, Ancestral Domain at Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reforms (CARPER). Mapapatanong na lamang tayo: sa pagsasabatas ng APECO, isinaalang-alang ba ang mga nasabing batas, mga batas na ginawa upang pagsilbihan at bigyang proteksyon ang mga marhinalisadong sektor?

"Ang kawalan ng katatagan ng pamumuno sa APECO ay isa lamang sa mga rason kung bakit palpak ang economic zone."

--Fr. Joefran Talaban ng Task Force Anti-APECO

## MULA SA BUROL

Sa kabila ng mainit na pagtanggap na ibinigay ng mga Atenista sa mga nagmartsa mula sa Casiguran noon, mukhang lumamig na ang isyu sa taas ng burol.

"Mataas ang awareness [ng mga estudyante], pero merong kakulangan sa kung papaano sila makakatulong sa kilusan [laban sa APECO]", ani Patricia Bianca Santos, ang kasalukuyang pinuno ng Ateneo Task Force Anti-APECO o ATFAA, isang kolektibo ng binubuo ng mga guro, estudyante at mga nagnanais na tumulong sa paglaban sa APECO.

Maliban sa mga fundraiser, sinusubok ilapit ng ATFAA ang isyu ng APECO sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga pagbabad o immersion, "kahit maliit lang [ang maitutulong]" ani Santos.

Ayon kay La Viña at Santos, ang isa sa mga kahinaan ng ATFAA at ng mga tumutuligsa sa APECO ay ang kawalan nila ng kongkreto at "alternatibong" solusyon sa kahirapan at problema sa Casiguran.

Ang pagpasok sa isyu ng pagbuo ng isang alternatibong proposisyon para sa mga mamamayan ng Casiguran ay isang mahalagang hakbangin, ngunit ayon kay La Viña, ang mahalagang katanungan ngayon ay kung para kanino nga ba ang development na dala ng APECO?

Aniya "ang uri ng pagbabago at pagunlad na



Ang pinakamalaki at pinamakamahal na patuyuan ng bigas, ang APECO Airport Runaway



Si Marlon Angara, isang lider ng mga mangingisda sa Casiguran

gusto ninyo [APECO] ay hindi para sa amin [mga taga-Casiguran]. Para sa amin, ang pagbabago't pag-unlad ay ang pangangalaga sa aming kalupaan at katubigan. Ang gusto nila ay mga paraan upang maabot ang edukasyon, pasilidad, pangangalagang pangkalusugan, magagandang daan at suporta para sa kanilang industriya at ikinabubuhay".

"Ang monolitik na proyekto tulad ng APECO ay hindi naman sinasagot ang pangangailangan at kakayanan ng isang komunidad – sa katunayan, ang ginagawa lamang nito ay ang mapaalis sila mula sa kanilang mga kabuhayan at pagkakakilanlan" dagdag pa niya.

Isyu rin ito ng pakikipagusap at pakikihalubilo sa mga taga-Casiguran. Isa sa mga paratang sa APECO ay ang kawalan nito ng maayos na diyalogo sa pagitan ng namumuno at mga mamamayan. Ani Santos "baka nga naman pagbabago at pagunlad ang pinapangako ng APECO...pero iba ito kung hindi mo sila isinasama sa proseso."

## SA HINAHARAP: ELEKSYON

Sa tulong ng TFAA, binawasan na ng senado ang buwanang pondo ng APECO. Mula 250 milyong piso, bumaba na ito sa 40 miyong piso. Sa mga senador, si Sergio Osmena III ang isa sa mga tumutulong sa TFAA na labanan ang APECO. Ngunit dahil panahon ngayon ng eleksyon, nagkakaroon ng paglamig sa isyu ng APECO at hindi ito patok.

Kung iisipin, hindi dapat ganito ang pagtingin sa isyung ito ngayong eleksyon. Ayon kay La Viña, isang halimbawa ang isyu ng Casiguran ng mga suliraning dinaranas ng ating mga kapatid na nakatira sa mga rural na lugar.

Aniya, isa lamang ang APECO sa mga naglipanang kaso ng development aggression at rural inequality sa ating bansa. Ang karahasan sa pook rural, kawalang katarungan at pangangamkam ng lupa ay mga isyung nawawalan ng lugar sa mga debate at usapin sa eleksyon.

Para kay La Viña, kung sino man ang maupo at mahalal sa nalalapit na eleksyon, sana'y mabigyan nila ng pansin ang isyu ng APECO upang hindi na maulit ang pagmartsa ng mga taga-Casiguran ng ilang kilometro sa loob ng mahigit kumulang 90 na araw upang maipakita ang kanilang hinaing at daing.

Aniya, hindi matatapos ang kampanya hangga't nariyan parin ang APECO. Hangga't nariyan parin ang pangamba ng mga magsasaka, mangingisda at mga katutubo, na maari silang mawalan ng lupa at kabuhayan sa isang iglap lamang, patuloy ang paglaban. Sa pagtatapos ng eleksyon, muli na naman silang makikipagdiyalogo upang maibalik ang pansin sa mga marhinalisado at himukin ang mga namumuno na gumalaw ng naayon.

## PARA KANINO?

Sa dulo, ito parin ang paulit-ulit nating dapat itanong sa isyu ng APECO: para kanina ba ito?

Sa isang panayam kay Pangulong Aquino noong tumama ang bagyong Lando sa Casiguran, ito ang kanyang mga sinsabi:
"Pag-isipan natin nang mabuti: tama bang manatili kayo doon kung alam niyo naman at sigurado kayong tatamaan kapag may bagyong darating? Baka mas mabuti kung lilipat tayo sa mas maayos na lugar."

At ito naman ang sagot ni Lisa Vargas, isang magsasaka sa Brgy. San Ildelfonso:

"Kung meron mang dapat umalis sa Casiguran, dapat ito ay ang APECO kung saan ang kanilang mga proyekto ay nasalanta ng bagyo. Kung pipilitin lamang kaming umalis ng San Ildefonso, kukunin lamang ng APECO ang mga lupang dati naming tinitirhan."

"Imbis na ilipat nila kami at pondohan ang APECO, dapat tinutulungan kami ng gobyerno na magtayo ng mga tahanang hindi mabubuwal ng bagyo at suportahan nila ang aming kabuhayan."

**Ang ilang impormasyon ay galing sa Media Releases ng Simbahang Lingkod Bayan at TFAA.*

**Ang mga panayam kina Patricia Bianca Santos at Enrico La Vina ay isinalin mula sa ingles.*

# ELEKSIYO

sining ni Caroline Carmona, | Lapat ni Micah Rimando











# ON 2016














# KARA KRUS

ni King Palmea | lapat ni Micah Rimando

Nakita ko siyang nakahandusay
sa labas ng McDonalds.
Sa kaniyang mukha'y nalulusaw
Ang samu't saring ilaw.
Hinalina kami ng pitada't ungol
ng mga awtong hindi makausad.
"Pahingi po ng barya", ang kaniyang samo.
Naalala ang pitaka kong maumbok
na naging sisidlan ng sinsilyo
sa halip na salaping papel.
Hindi ko nais abutan siya ng barya.
Ngunit ako'y naghulog pa rin.
Sa panalangin niya ngayong gabi
sana'y ito ang sagot ng papawirin
na tila mapagkubli.
Umupo siya muli sa kaniyang puwesto,
ipinikit ang isang mata
habang tumitingala sa langit.
Kumalabit siya sa baywang ko't
sinabi kasunod ng halakhak,
"Idol, tingnan mo yung buwan,
parang piso".

# BERTIGO 2016: MGA NANALO

NASA FACEBOOK PAGE NG MATANGLAWIN ANG BUONG LISTAHAN NG MGA NANALO:
https://www.facebook.com/MatanglawinAteneo/






*Unang Gantimpala*
Jeffrey Velmar B. Esplana
Maligaya High School

*Ikalawang Gantimpala*
Samantha Nicole D. Cruz
St. Mary's College of Quezon City

Ikatlong Gantimpala
David M. Nepomuceno
New Era High School



